
VBS
PAKIKIPAGSAPALARANG
KAMELYO
Pagiging matapang kasama sina Daniel at mga kaibigan
MANWAL NG DIREKTOR

# PAKIKIPAGSAPALARANG KAMELYO




Pagiging matapang kasama sina Daniel at mga kaibigan

Vacation Bible School (VBS)

Mula sa

Children are Important

## MANWAL NG DIREKTOR

Website: childrenareimportant.com/camel

## SALAMAT SA BUONG KOPONAN NG "CHILDREN ARE IMPORTANT"!

**Founders,** Dwight y Kristina Krauss
**Creative Team Manager,** Flor Boldo
**Creative Editorial Team,** Jennifer Sánchez, Areli Salinas, Ramón Martínez, Marlon Hernández.
**Designer,** Julio Sánchez
**Contributing Designer** Suzanna Kangas (Suki)
**Consulting Emeritus,** Miguel y Vickie Kangas
**Facebook Page Spanish Admin,** Ramón Martínez and Verónica Toj
**Facebook Page English Admin,** Marlon Hernández and Flor Boldo

**Translation Team,** alineviera, Annupama Wankhede, Anton Klymyk, Araz Mammadzadeh, Aroma Publications and Media, Arturo Jr Boron, Blessy Jacob, Carmela Dawn Flores, Chrisbresnahan, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Geenav, HamidReza Azimi (hamid.azimi1364 at gm#ail com), Heyaudrey, I-clever.com, iqbalman, Jacob Kuruvilla, kamilturk, Karunguru Mwangi, kiran, Maitrayi Mondal, Marco Chu, Marcos Rocha, Mathew Das, Mitesh Mandaliya, mrramlama, Mrs.Geethashree NavaneethaKrishnan, Nassim Bougtaia, nicbenk, Paul Mwangi, Paul Septan, Rana922, Rubina Rai, Safdar Khan, shahroshan15, Talento-Unido, ueritom, Verdia Juliansyah Cancerika, Yeoh Jung Chin, Zeina Mirella Barzaga Arencibia

# MALUGOD NA PAGBATI SA MGA PAKIKIPAGSAPALARANG KAMELYO!

Malugod na pagbati sa "Mga Pakikipagsapalarang Kamelyo," isang bago at kapana-panabik na programa ng VBS! Dalhin ang mga anak niyo sa isang masukal na pakikipagsapalaran kasama ang mga kamelyo at mga emperyo habang natututunan nating matapang na sundan ang Diyos sa gitna ng masamang mundo, kagaya ng ginawa ng mga Israelita sa kanilang pagkabihag. Sa programang ito, susundan natin ang buhay ni Daniel at kanyang mga kaibigang sina Shadrach, Meshach, at Abednego. Si Reyna Ester ay darating din bilang panauhin sa inyong VBS sa aralin 4.

Sa bawat araw nitong VBS, magugustuhang makikilala ng mga bata ang mga nakakatuwang kamelyo (mga papet o mga aktor) na may modernong panlasa mula sa tunay na buhay. Masiyahan sa mga orihinal na kanta na pinalalakas ang tema nitong VBS. Turuan ang mga bata ng nakakatuwang mga aksyong kaakibat ng pamagat ng aralin at ulit-ulitin sa buong aralin at sa buong araw. Gumawa ng mga nakatutuwang likhang-sining sa mga istasyon ng likhang-sining sa loob ng Emperyo, gamit ang mga mumurahing materyales na madaling mahanap o madaling halinhan mula sa kahit saan sa mundo. Sa klase sa loob ng Palasyo, masisiyahan ang mga bata sa pagsagot ng mga kumplikadong pasikot-sikot at magkakaibang palaisipan. Ang nakatatandang mga mag-aaral ay may pagkakataong mag-isip ng mga isyu sa tunay na buhay na ayon sa aralin, at magkakaroon ang lahat ng munting arawang takdang-aralin upang maisabuhay ang mga aralin. Iibigin ng mga batang makilala sina Daniel at Ester at mapakinggan ang mga kwentong-Biblia mula mismo sa kanila, at gumawa ng mga interesadong gawain sa mga pagsasadula sa istasyon ni Daniel. Siyempre, walang makukumpletong VBS kung walang laro! Maghanap ng mga laro at mga opsyonal na nakakatuwang ideyang pangmerienda sa Mga Laro sa Hardin at istasyon ng Hapag ng Maharlika. Huwag kalimutang siyasatin ang mga karagdagang ideya upang palamutian ang iyong VBS at gawin itong mas masaya!

Habang gumagawa ang iyong simbahan sa limang aralin, hanapin ang ugnayan sa pagitan ng pag-ibig at katapangan at ituro ito sa mga mag-aaral.
1 Juan 4:18 "Walang takot sa pag-ibig. Ngunit ang perpektong pag-ibig ay nagtataboy ng takot, dahil ang takot ay may kinalaman sa parusa. Ang natatakot ay hindi napasusukdol sa pag-ibig."

Habang lumalago tayo bilang mga Kristiyano sa ating pag-unawa sa kadakilaan ng Diyos at Kanyang wagas na pag-ibig sa atin, lalago tayo sa ating pagtitiwala sa pagsunod sa Kanya. Ang pag-ibig sa Diyos at para sa iba ay lalago sa bawat isa sa atin, isang pag-ibig na magtutulak sa atin na gumawa ng matatapang na bagay tulad nina Daniel at ng kanyang mga kaibigan, at tulad ni Hesus na matapang na nag-alay ng Kanyang buhay para sa atin sa krus.

Ang pinakamahalagang aralin dito sa programang ito ay ang aralin 2 na may mensahe sa kaligtasan. Anyayahan ang higit pang mga bata sa iyong VBS at bigyan sila ng pagkakataong ibigay ang kanilang buhay kay Hesus. Kahit na iyon lamang ang gagawin mo, ang iyong VBS ay magiging isang malaking tagumpay. Isipin na makikita ang mga tao sa langit na naroroon dahil sa iyong VBS! At isipin kung gaano nasisiyahan ang Diyos sa iyo dahil inanyayahan mo ang mga bata na sobrang mahal Niya!


Dalangin naming pagpalain ng Diyos ang iyong VBS habang sinusunod mo ang utos ng ating Panginoon na humayo at gawing mga disipulo ang lahat ng bansa at turuan ang mga bata na sumunod sa Kanya. Ang aming layunin sa ministeryo ng mga bata ay hindi libreng pag-aalaga sa panahon ng bakasyon, ngunit gawin ang bawat pagkakataon upang turuan ang mga bata tungkol sa Diyos. Magtipon sa iyong pangkat upang manalangin para sa mga aktibidad ng VBS, pagkatapos ay panoorin upang makita kung paano gumagawa ang Diyos sa buhay ng iyong mga mag-aaral.
Narito ka upang baguhin ang mga buhay; nandito kami upang tulungan ka.
Mula sa buong koponan ng Ministeryo ng Children are Important.



# Pangkalahatang Pananaw

## 1. KATAPANGANG NAGLALAGAY SA DIYOS SA UNA





### Daniel 1: Isang bagong tahanan at paaralan

Mga Taga-Roma12:2 “At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang Mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.”

## 2. KATAPANGANG NATITIWALA SA DIYOS






### Daniel 3: Isang pagsubok ng apoy

Mga Awit 47:2 “Sapagka't ang Panginoong kataastaasan ay kakilakilabot; siya'y dakilang Hari sa buong lupa.”

## 3. KATAPANGANG NAGSASABI NG KATOTOHANAN





### Daniel 4: Isang panaginip na may masamang balita

I Mga Taga-Corinto 13:6 “Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan.”

## 4. KATAPANGANG NAGLALAGAY SA IBA BAGO ANG SARILI





### Ester 3-9: Kaligtasan para sa kanyang bayan

I Juan 3:16 “Dito'y nakikilala natin ang pagibig, sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay dahil sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid.”

## 5. KATAPANGANG NAGSUSUMIGASIG





### Daniel 6: Debosyon araw-araw at ang lungga ng leon

Mga Hebreo 10:36 “Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako.”

# Paano gamitin itong materyal?

## DIREKTOR

Bilang direckor ng VBS, ang iyong pangunahing trabaho ay ang patakbuhin ang VBS. Sa lahat ng pag-iskedyul, programming, at pagkokoordina ng mga boluntaryo at materyales, hindi ka magkakaroon ng oras upang magpatakbo ng anumang aktibidad sa VBS. Kumalap ng mga boluntaryo at ipamahagi ang lahat ng iba't ibang mga piraso ng VBS sa mga miyembro ng iyong simbahan. Ito ay magpapataas ng pananabik tungkol sa programa at makakatulong sa mga miyembro ng simbahan na makisali sa pag-abot sa mga bata.

## PANGANGALAP

Mangalap ng mga tao hanggang kaya mo mula sa inyong simbahan. Huwag humingi ng panlahatang tulong sa VBS ngunit makipag-usap sa bawat tao nang direkta at humingi ng tulong sa isang tiyak na bagay. Marahil, may isang tao sa iyong simbahan na natatakot na magturo ngunit magiging masaya na tulungan ang mga bata sa mga likhang-sining.

Ito ang mga munungkahing gampanin (10+ na katao):

- MC, "Master of ceremonies" – maaaring ang direktor ng VBS
- 2 aktor/ mga puppeteer para sa pagsasadulang kamelyo, at isang tagapagsalaysay (kahit sino)
- Lider ng musika na magturo ng mga kantang may aksyon sa mga bata
- Guro para sa pangunahing aralin sa lahat ng mga bata na magkasama - maaaring maging direktor ng VBS
- Ang guro sa istasyon ng klase para sa mga libro ng mag-aaral at talakayan sa mga mas nakatatandang mag-aaral
- 2 aktor para kay Daniel at Ester sa Dula sa istasyong Daniel
- Lider sa mga Gawain sa Dula sa istasyong Daniel
- Lider sa Likhang-sining
- Koordineytor sa merienda
- Lider ng Laro

Kasama ang mas maraming tao, pwede kang magkaroon ng isa o higit pang katulong sa pagtuturo sa mas nakababatang mag-aaral, sa magpagana ng mga kagamitang odyo-biswal, sa pagtuturo ng kanta o katulong sa bawat istasyo, at aba pa.

## PAGSASANAY

Ikagagalak ng iyong mga boluntaryo na gawin ang kanilang bahagi kung malinaw nilang naiintindihan ang kanilang ginagawa. Magtakda ng araw ng pagsasanay gamit ang mga bidyo mula sa aming YouTube channel. Bigyan sila ng malawak na pananaw tungkol sa VBS at magtakda na rin ng espisipikong impormasyon para sa kanilang bahagi dito.

https://www.youtube.com/c/Childrenareimportant

## PAG-IIMBITA AT PAGPAPATALA

Isang malaking pagkakataon para sa ebanghelyo ang VBS. Isipin mo na balag araw makatatagpo ka ng tao na magsasabi sa iyo na sumusunod sila kay Hesus dahil sa iyong VBS! Huwag limitahan ang iyong VBS sa mga batang-simbahan. Gumawa ng mga promosyonal na materyales at hilingin sa mga bata na imbitahan ang kanilang mga kaklase at magbigay ng premyo sa mga bata na makapagdadala ng kanilang mga kaibigan sa VBS. Kung iakw ay magpapabayan nang maliit na entrance fee sa iyong VBS, imbitahan ang mga magulang na magbigay ng scholarships para sa mga kaibigan ng kanilang anak para makilala din nila si Hesus.

Gumawa ng rehistrasyon nang mas maaga kaysa sa takdang panahon para malaman ang maaaring maging bilang ng mga bata na makakadalo sa iyong VBS upang matipon ang mga kinakailangan materyales.

## SCHEDULE

Ang schedule ay pareho sa lahat ng 5 araw. Maging malaya na ayusin ang schedule ayon sa pangangailangan.

Buksan ang araw kasama ang lahat ng mag-aaral.

Pagbubukas (Kasamang lahat):

- Panalangin
- Kanta (opsyonal)
- Magpakilala ng palakpak / pagkuha ng atensyon
- Dula ng Kamelyo
- Mga Kanta
- Aralin

Iminumungkahi namin na kumanta sa pagitan ng dula ng kamelyo at pangunahing aralin upang bigyang pagkakataon ang mga bata na makakilos sa paligid.

Pagkatapos, hatiin ang mga bata sa mga pangkat para sa pag-ikot sa mga istasyon.

Pag-ikot (Pangkat ng Edad)

- Klase sa Palasyo (Aklat ng mag-aaral)
- Dula kasama si Daniel
    - Dula – Daniel, Ester
    - Gawain
- Likhang-sining sa Emperyo

At lahat ng bata ay maaaring makisali sa pangwakas na gawain.

Magkakasama lahat, malaking pangkat:

- Merienda
- Mga kanta (opsyonal)
- Mga Laro




Wakasan ang araw sa pamamagitan ng mabilisang balik-tanaw ng aralin at panalangin.

## DULA NG KAMEL



Ang VBS na ito ay may 2 dula kada araw! Ang una ay ang palabas ng papet kasama ang dalawang kamelyo at mga bata sa simula ng araw. Ang ikalawa ay ang panayam kasama ang aktor na gumaganap na si Daniel sa isang istasyon sa kalagitnaan ng araw. Magbasa nang higit pa tungkol sa mga dula ni Daniel sa impormasyon tungkol sa mga istasyon ng pag-ikot.

Gugustuhin ng iyong mga anak na makilala ang aming dalawang kaibigag kamelyo sa papet na palabas araw-araw! Ang mga orihinal na dula na ito ay idinisenyo upang mailarawan ang pangunahing punto ng bawat aralin. Kakailanganin mo ang dalawang papet na kamelyo (o aktor) at isang tagapagsalaysay sa backstage.

- Camelot: Ang pasaway na batang lalaking kamelyo na mahilig sa panunukso, ay mabaho, at palaging nagugutom.
- Camelia: Isang batang babaeng kamelyo na isang insecure ngunit nagmamahal sa Diyos, pambabaeng mga bagay, at sumasayaw.
- Tagapagsalaysay

Maging malayang baguhin ang mga pangalan ng mga character, magdagdag ng mga biro, o ayusin ang mga dulang ito ayon sa iyong mga pangangailangan. Mangyaring tandaan na ang mga bata ay may haba ng atensyon ng mga 8 minuto, depende sa kanilang edad (mga 1 minuto bawat taon ng edad). Tapusin ang dula sa loob ng oras na iyon, at aasahan nila ang mga drama sa buong linggo. At huwag kalimutan na magsaya!

Gumawa ng iyong sariling mga papet ng kamelyo gamit ang aming mga simpleng pattern na maaari mong i-download nang libre sa website para sa VBS. Makahanap din ng isang maikling video ng pagtuturo kung paano magpatakbo ng isang papet dito: https://youtu.be/G7NWA7VUZAI

## PANGKUHA NG ATENSYON

Bawat araw ay nagbigay kami ng isang aksyon upang makuha ang atensyon ng mga tagapakinig. Sa tuwing sasabihin mo ang pamagat ng aralin, halimbawa, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!" ulitin ng mga mag-aaral ang parirala habang ginagawa ang mga kilos. Ituro ang pangkuha ng atensyon sa mga mag-aaral sa simula ng araw, ulitin ito nang maraming beses sa buong araw, at suriin ang mga aksyon ng nakaraang araw. Panoorin ang aming mga video sa YouTube para sa isang malinaw na pagpapakita ng mga pagkilos.

Ang “Istasyon ng pag-ikot” ay isang paraan ng pagsasaayos ng iyong VBS para hindi mo kailanganin ng maraming pandikit, lapis, atbp. para sa lahat ng bata para gumawa ng likhang-sining sa iisang panahon. Hatiin ang mga bata sa 3 o higit pang mga pangkat at paikutin sila sa mga gawain. Halimbawa, gumawa ng mga Advanced at Mahirap na klase na gumawa ng isang likhang-sining habang ang klase ng Katamtaman ay gumagawa sa pamamagitan ng libro ng mag-aaral at ang Madaling klase ay ginagawa ang mga aktibidad sa istasyong "Dula kasama ni Daniel". Ang bawat istasyon ay idinisenyo para sa mga 20 minuto. Ang direktor o isang taong itinalaga upang subaybayan ang mga istasyon ay nagbabantay sa oras at iaanunsyo kung kailan oras na ng pag-ikot.

Kung pinahihintulutan ang espasyo, panatilihin ang parehong aktibidad sa parehong lugar at paikutin ang mga bata tuwing 20 minuto. Nagbibigay ito sa mga bata ng ilang oras upang tumayo at lumipat. Kung walang sapat na espasyo, panatilihin lamang ang mga mag-aaral sa iisang lugar ngunit baguhin ang mga aktibidad na kanilang ginagawa. Payagan silang tumayo at mag-ayos o magpalitan ng mga upuan sa pagitan ng mga aktibidad upang mabigyan sila ng isang pagkakataon na kumilos.

Halimbawa:

**Unang 20 minuto**




**Ikalawang 20 minuto**




Kung mayroon kang sapat na espasyo, isama ang Mga Laro bilang isa pang istasyon ng pag-ikot upang hatiin ang 4 na magkakaibang mga pangkat ng edad. Mag-iskedyul ng meryenda minsan sa pagitan ng mga istasyon ng pag-ikot.

Kapag napagpasyahan mo ang iskedyul at lokasyon ng iba't ibang mga istasyon ng aktibidad, panatilihin ang parehong iskedyul bawat araw. Mabilis na matututo ang mga bata at malalaman kung saan pupunta sa susunod, madalas bago pa makabisa ng mga guro. 😉

Gumamit ng lugar na may mga mesa o upuan para sa istasyon ng Klase sa Palasyo.

## KLASE SA PALASYO

**Mga Palaisipan**



Sa istasyong ito, matutuwang sumagot ang mga mag-aaral sa mga palaisipan sa aklat ng mag-aaral. Ang aming aklat ay nakadisenyo para sa mga edad na ito:
Madali – 4-6 taon
Katamtaman – 7-9 taon
Mahirap – 10-12 taon
Advanced – 13+ taon

**Takdang-aralin**

Sa Pakikipagsapalarang Kamelyong VBS, bawat aralin ay may isang maliit na takdang aralin upang maisabuhay ang aralin sa araw na iyon. Tanungin ang mga bata kung ginawa nila kahapon ang takdang aralin, pagkatapos ay talakayin ang mga tukoy na paraan upang makumpleto ang takdang aralin para sa araw na ito.

Santiago 1:22 “Huwag lamang ninyong pakinggan ang salita, na inyong dinadaya ang inyong mga sarili. Tupdin ninyo ang sinasabi nito.”

**Tanong para sa talakayan**


Habang tumatanda ang mga bata, nagsisimula na nilang makita ang pagiging kumplikado ng buhay at maaaring mahirapang ilapat ang kanilang natututuhan mula sa kuwento ng Bibla sa kanilang sariling buhay. Sa kadahilanang ito, nagbigay kami ng isang seksyon ng tanong at sagot para sa mga nakatatandang mag-aaral upang makatulong na gabayan sila sa ilan sa mga katanungang iyon at gawing totoo ang aralin para sa kanila. Huwag bigyan ang halimbawa ibigay ang mga halimbawang sagot kaagad, ngunit hayaan ang mga mag-aaral na mag-isip sa kanilang sarili, hinahayaan silang matandaan nang mas mabuti ang kanilang natutunan. Kung maaari, huwag ibigay ang sagot ngunit gabayan ang kanilang talakayan upang makarating sila sa mga katulad na konklusyon sa kanilang sarili. Hikayatin silang mag-isip ng mga aplikasyon sa buhay para sa ngayon hindi lamang sa mga katotohanan sa kasaysayan ng Biblya. Bumuo ng isang kapaligiran ng tiwala sa iyong klase upang maramdaman ng iyong mga mag-aaral na ligtas na sabihin sa kung ano ang iniisip nila nang walang takot na magkamali. Lalago at gugulang sila kung sasagot sila nang personal at tapat sa mga katanungang ito.

## DULA KASAMA NI DANIEL



Ang istasyong ito ay may 2 aktibidad na dapat gawing magkasabay ng iba pang mga istasyon. Una ay isang dula kasama si Daniel pagkatapos ng isang aktibidad upang makatulong na mapalakas ang aralin.

Masisiyahang makilala ng mga bata ang ating mga kaibigan na sina Daniel at Ester mula sa Biblia. Maghanap ng mga nakakatawang paraan upang mabihisan ang mga boluntaryong artista upang gampanan ang mga papel sa dula. Si Daniel ay isang mataas na opisyal na sumasaklaw sa mga emperyo ng Babilonya, Median at Persian. Si Ester ang magandang reyna ng Emperyong Persian. Nagbigay kami ng ilang mga salaysay para sa dula. Huwag mag-atubiling ayusin ang dula kung kinakailangan o baguhin ito sa isang pakikipanayam sa guro. Kung mayroon kang sapat na mga tao, maaari mo ring anyayahan sina Shadrach, Meshach, at Abednego o haring Nabucodonosor na bumisita.



Matapos ang dulang bahagi ng istasyon, gawin ang aktibidad kasama ang mga bata. Ang aktibidad ay isang masayang kasangkapan na makakatulong upang maisabuhay ang kanilang natutunan. Ang bawat aktibidad ay naaayon sa aralin ng araw na iyon. Ang magandang bagay tungkol sa aktibidad ay hindi lamang kasiya-siya kundi isang pagkakataon din sa pag-iisip at pagninilay ng mga mag-aaral kung ano ang kanilang gagawin sa iba't ibang mga sitwasyon.

## LIKHANG-SINING SA EMPERYO

Magkakaroon ka ng kasiyahan sa istasyon ng Mga Likhang-sining sa Emperyo, isang pagkakataon upang magsanay ng pagkamalikhain sa likhang-sining gamit ang simpleng likhang-sining. Ang bawat likhang-sining ay idinisenyo para sa mas bata at mas matatandang mga bata; lahat ay masisiyahan sa pagsasama-sama at bibigyan ito ng kanilang personal na estilo.




## MAHARLIKANG HAPAG

Sa istasyong ito maaari kang maghain ng malusog, masarap, at masayang meryenda na kaugnay sa bawat aralin. Mayroon kang pagpipilian upang baguhin ang anumang sangkap sa isang bagay na mas mabisa upang matiyak na madali at mura lang. Hindi lamang masaya silang kainin, ngunit hayaan ang mga bata na lumikha ng mga meryenda na ito bilang isa pang masayang aktibidad upang mapalakas ang aralin.



## LARO SA HARDIN

Ang isang VBS ay hindi kumpleto nang walang mga laro! Sa istasyong ito, makikita mo ang mga kamangha-manghang mga laro na may maraming enerhiya. Tatangkilikin sila ng mga bata at magiging madali para sa iyo upang maglaro. Ang mga laro ay nangangailangan ng simple, murang mga materyales na madaling mahanap. Magsaya sa mga karanasan sa nakakatuwang VBS na ito.



# MGA KARAGDAGANG IDEYA

### BRICK SCENE
Dingding na brick para sa palamuti, pigpapakita nang pader ng palasyo.





### KARTONG KAMELYO
Pwede kang gumaga ng ilang maliliit na kamelyo para palamutian ang mga upuan at mesa ng mga bata.

### GULONG NG AKTIBIDAD
Gumawa ng roleta na makakasulat ka ng mga parirala ng mga gawain na isasabuhay ng mga bata, ilagay ito sa kahit saan sa loob ng kwarto, ito ay magiging interactive na palamuti para sa kanila!




### HAPUNAN SA PALASYO
Pwedeng korona ang mga bata, palamutian ang mesa gamit ang tela. Habang masayang nagmemerienda ang mga bata, mararamdaman nilangkumakain sila sa palasyo.





### PUGON
Gumawa ng pugon mula sa kartong kahon para sa aralin 2 bilang bahagi ng palamuting silid. Kasab ang pagiging nakatutuwa nito para sa mga bata.



### LALAGYAN NG LARAWAN
Gumawa ng lugar para sa mga larawan kung saan maaaring kumuha ang mga bata ng selfie.





### LUNGGA NG LEON

Palamutian ang kartong kahon sa pamamagitan ng paglagay ng abo at brown na papel sa gilid ng dingding ng magiging lungga. Sa paligid, magdikit ng mga imahe ng leon at isang tao na sumasagisag kay Daniel, at meron ka nang lungga ng leon para sa aralin 5. Magiging bahagi ito ng palamuti sa iyong silid aralan at pwede mong gamitin sa ilang gawain.



### TRONO NG HARO

Palamutian ang isalng sila gaya ng isang trono.





### HARDING PAPEL

Ang nakalambiting hardin ng Babilonia ay pwedeng gawing inspirasyon para sa palamuti at paligid ng silid-aralan. Mararamdaman ng mga bata na sila ay nasa Babilonia!

### APOY NA PAPEL

Malagay ng makukulay na tela o kumot sa lapag pabilog, malagay ng mga unan sa kanila at maglagay ng apoy na papel sa gitna. Gamitin ang lugar na ito para ikwento ang buhay ng ng bida ng kahanga-hangang VBS na “Pakikipagsapalarang Kamelyo”

### PALAMUTING CUNEIFORM

Gumawa ng mga likhang-sining na cuneiform kasama ang mga mag-aaral, ilagay ang mga ito sa buong silid bilang mga orihinal na palamuti.







# 1. KATAPANGANG NAGLALAGAY SA DIYOS SA UNA

## Daniel 1: Isang bagong tahanan at paaralan

### TAGAKUHA NG ATENSYON / PALAKPAK 1

"Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una"

1. "Katapangan" = Itaas ang braso sa isang nag-flex na kilos kasama ang kamao
2. "Naglalagay sa Diyos" = Pumalakpak nang dalawang beses
3. "sa Una" = Tumuro pataas patungong himpapawid

### BERSIKULONG ISASAULO 1

Mga Taga-Roma12:2 "At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang Mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios."

### DULA 1: KARERA NG KAMEL

Pumasok sa eksena si Camelia: Wow, masdan mo ang lahat ng kamelyong iyon! Natutuwa akong manood ng malaking karera. Ewww, anong amoy iyon?
Pumasok sa eksena si Camelot: Patawad, nakalimutan kong maglagay ng deodorant ngayon. Pwede akong maging malakas. Anong iyong ngalan, binibini?
Camelia: Ako si Camelia. At ikaw, ginoo?
Camelot: Camelot, handang makipagkarera! Nagsanay ako buong taon: takbo at takbo at takbo at takbo (hingal!) at nadadapa at tumatakbo at marahil ay naghuhugas ng tubig sa susunod na linggo at maggu-Google ng tumatakbong mga gif at tumatakbo at nananaginip tungkol sa pagtakbo at pagtakbo ...
Camelia: Wow, napakadaming pagtakbo iyon! Anong iyong nasa likod?
Camelot: Si Robot buddy at ako ay numero 7, kita mo? Pero hindi ko mawari kung bakit ang robot ko ay katunog ng aking amo. Hey, narinig ko na yung ibang malalaking kamelyo doon na nag-uusap tungkol sa isang gamot para maging mas malakas ar mas mabilis. Tinatawag ata itong… Sredoid? Blefoid? Zephalapoid? (hindi mabigkas nang tama ni Camelot ang salitang steroid.) Ang munting daya ay hindi makapananakit ng iba, hindi ba? Hindi ako mahuhuli … Masyado akong mabilis, haha!
Camelia: Pero hindi ito patas sa iba. Gawin mo lang ang iyong makakaya at unahin mo ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at maging patas sa iba. Bukod dito, manalo ka man o hindi, kasama mo pa rin ang Diyos. Hindi ba ito ang pinakamalaking panalo na mayroon tayo?
Camelot: (Buntong-hininga) Tama ka. Ngayon, kakarera na ko mula sa umpisang linya! (Lalabas mula sa entablado, matitisod at madadapa) Ayos lang ako!
Camelia: Hinihiling kong maging maayos ang lahat! (pinalalakas ni Camelia ang loob ng kanyang kaibigan mula sa entablado)
Tagapagsalaysay: At sila ay nagsimula na! Nangunguna si Numero 3, sinusundan ni numero 1. At kumakaripas si numero 27! Nahihirapan si Numero 3 na panatilihin ang kanyang posisyon. 100 meters na lang… Nalampasan na ni Numero 27 si numero 1…. Aaaaat si numero 3 ang nagwagi! Sinusundan nang malapitan ni numero 27 at numero 1!
Humahangos na pumasok si Camelot.
Camelia: Lahat kayo ay kumakaripas ng takbo sa track! Nakamamanghang panoorin. Anong nangyari?
Camelot: Hindi man lang malapit sa pagkapanalo. Pang-apat lamang ako.
Tagapagsalaysay: Sandali! May malaking pagtigil dito dahil sa ulat na ang ibang kamelyo ay uminom ng pampalakas ng pagtakbo. Sila Numero 3, 27, at 1 ay diskwalipikado! Ito ang nagtatakda na si numero 7 ang opisyal na nanalo!

Camelia: Camelot, nanalo ka!

Camelot: Wow!! Purihin ang Diyos! Salamat sa iyong tulong, Camelia. Muntik ko nang maiwa ang aking dignidad, pero ngayon ay magaang ang aking kalooban na isiping ako ay kumarera da paraan na malulugod ang Diyos. Phew! Sobrang nauuhaw na ako! (isasawsaw ang kanyang ilong sa lukod sa entablado at sisipsip nang kaunti.) Aaaah ayos na itong tubig para sa linggong ito. Ngayon, nagugutom naman ako.

## PANGUNAHING ARALIN 1

Maligayang pagdating sa VBS na ito kung saan matututunan natin kung paano maging matapang para sa Diyos! Isang mahabang panahon na ang nakaraan, ang mga Israelita ay nabihag at dinala sa Haring Nabucodonosor sa Babilonia. Nakakaawang tunay! Ang mga tao ng Diyos ay naninirahan sa ibang bansa kasama sa mga taong hindi nakakakilala sa Diyos. Sa parehong paraan, nakatira tayo sa isang mundo kung saan ang mga tao ay hindi nakakakilala sa Diyos o sinusubukan na sundin Siya. Ngunit ang Diyos ay kasama ng mga Israelita sa Babilonia at gumawa ng mga kamangha-manghang bagay; sa parehong paraan, kasama Niya tayo ngayon sa gitna ng masamang daigdig na ito. Sabihin ng lahat, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!"

Natawag ka na ba ng iba't ibang pangalan sa paaralan, o nakakita ng isang taong tinawag ng iba't ibang pangalan? Tinuruan ka ba ng iyong mga guro ng mga bagay laban sa ating Diyos? Sinubukan ka ba ng mga tao na gumawa ka ng mga maling bagay? Ang parehong bagay na nangyari sa Babilonia. Kinuha ni Haring Nabucodonosor ang pinakamahusay na mga binata mula sa Israel at pinalista sila sa unibersidad ng Babilonia upang malaman kung paano maglingkod sa paglilingkod sa hari. Kabilang sa mga ito ay sina Daniel, Hananiah, Mishael at Azariah. Sabihin ng lahat, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!"

Binago ng hari ang kanilang mga pangalan, itinuro sa kanila ang mga ideya na naiiba sa mga batas ng Diyos, at binigyan sila ng iba't ibang pagkain. Pinapayagan ng mga kabataang ito ang pagtawag sa kanila ng ibang pangalang at matiyagang nakinig sa kanilang mga guro, ngunit nanindigan sila sa pagkain dahil tuwirang susuway ito sa mga utos ng Diyos. Sa parehong paraan, sinusubukan ng mundo na tayo ay magsinungaling, manloko, magnakaw, maging salbahe sa ibang tao, o sumasamba sa mga bagay maliban sa Diyos. Sinabi sa atin ng Diyos na huwag gawin ang alinman sa mga bagay na iyon at kailangan nating sundin Siya sa kabila ng panggigipit mula sa mundo. Sabihin ng lahat, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!"

Si Daniel ay matalino sa paraan ng kanyang paninindigan. Hiniling niya sa lalaking namamahala sa kanila na subukan ang pagkain sa loob ng 10 araw upang makita kung ito ay gumagana. Maaari kang humiling sa Diyos ng karunungan tungkol sa kung paano ka maninindigan at sundin Siya. Sabihin ng lahat, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!"

Pagkatapos ng kolehiyo, ang mga kabataang ito ay pumasok sa serbisyo ng hari, nagtatrabaho sa pamahalaan at pangangasiwa. Ginawa nila nang mahusay ang kanilang trabaho at nai-promote sila sa mataas na posisyon sa kaharian kung saan nagawa nilang gawing mas mainam ang mga bagay para sa lahat ng tao. Sinasabi ni Jesus na tayo na naniniwala sa Kanya ay isang ilaw para sa sanlibutan. Ilalagay ka ng Diyos kung saan maaari mong pinakamahusay na maipakita ang ilaw ng Diyos sa mundo, kung pumapasok ka sa politika, negosyo, engineering at teknolohiya, panggagamot, pagpapalaki ng mga bata sa bahay, sports, pastoral na ministeryo, misyon, pagtuturo, o pangangasiwa. Gagamitin ka ng Diyos na nagsisimula kahit ngayon sa paaralan, sa bahay, at sa iyong kapitbahayan upang gawing mas mahusay ang mundo para sa iba. Kahit anong gawin mo, unahin mo ang Diyos at sundin Siya kahit ano pa man. Sabihin ng lahat, "Katapangang naglalagay sa Diyos sa Una!"

## LIKHANG SINING SA EMPERYO 1

*Puso*





### *Mga Materyales*

*Kulot na laso, 50 cm
*Pusong papel
*Banner na may Bersikulo ng Biblya
*Pandikit
*Pangkulay

### *Mga panuto*


*Gupitin ang puso at bandera. Kulayan sila ng paburito mong kulay.
*Idikit ang magkabilang dula ng laso sa likod ng puso para makabuo ng loop. Idikit ang banderang bahagi sa gitna ng laso.

## KLASE SA PALASYO 1











| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | B | A | B | I | L | O | N | I | A | O | W | M | K |
| A | U | M | A | L | I | N | S | U | N | O | D | A | D |
| G | G | N | N | A | T | U | B | I | L | N | A | S | A |
| N | K | P | A | G | K | A | I | N | I | P | E | A | N |
| A | W | A | U | K | G | K | P | U | W | K | G | M | I |
| P | E | G | E | A | Y | A | D | N | A | M | U | A | E |
| A | U | P | K | A | R | U | N | U | N | G | A | N | L |
| T | K | W | W | A | K | A | N | G | A | M | A | E | W |
| A | N | A | G | B | A | G | O | N | G | A | N | Y | O |
| K | R | O | S | O | N | O | D | O | C | U | B | A | N |



| | |
|---|---|
| 5 | 1 |
| 14 | 4 |
| 6 | 7 |
| 12 | 11 |
| 8 | 13 |
| 9 | 2 |
| 10 | 3 |



## MGA TANONG AT SAGOT 1

1. **Ano ang mga maling bagay na tila "OK" dahil "ginagawa ng lahat"?**
   Mga halimbawa: Pagnanakaw ng kendi, paghuhugas ng basura, pagsisinungaling upang maiwasan ang parusa, pangangako na hindi mo kayang magampanan.
2. **Bakit pinili ng hepe ng maharlikang tahanan ang mga batang lalaking ito? Ano ang nakita ng Diyos sa kanila na kakaiba sa nakikita ng mga tao sa kanila?**
   Sila ang pinakamahusay at matalino sa mga Israelita. Daniel 1:3-4. Nakita ng Diyos na sila ay tapat sa Kaniya. Siya ang nagbigay ng mga kakayahan sa kanila. Daniel 1:17
3. **Ano ang ibinigay ng Diyos sa iyo?**
   Mga halimbawa: Gal 5:22-23 bunga ng Espiritu, mga talento, mga abilidad, mga pamana
4. **Anog ang itsura ng "inuuna ang Diyos"?**
   Mga halimbawa: pag-amin ng kasalanan at pagsisisi, pakikipagsundo sa iba, pagsunod sa Diyos kaysa sa mga kaibigan.
5. **Sino ang mga tauhan sa kwento?**
   Sagot: Haring Nabucodonosor, Daniel, Hananiah, Mishael, at Azariah (o Belteshazzar, Shadrach, Meshach, at Abednego)

## TAKDANG ARALIN 1

Mag-isip ng isang bagay na nahihirapan kang sunding ang Diyos. Humingi ng tulong sa Diyos, at sundin Siya buong araw.

## DULA KASAMA NI DANIEL 1

Guro: Nakatutuwa na nagbigay-oras sa atin si Daniel mula sa kanyang abalang iskedyul bilang isang mataas na opisyal ng emperyo na dumating para magkwento tungkol sa kanyang buhay. Lahat, mangyaring malugod na tanggapin si Daniel.

Daniel: Kumusta sa lahat. Ako si Daniel, at nagagalak akong makilala kayong lahat. Nanabik ako noong sabihin sa akin ng aking assistant na mayroon akong panayam kasama ang klase na puno ng mag-aaral. Kayo ay puno ng potensyal! Wala kayong ideya kung ano ang nakamamanghang bagay ang itinabi ng Diyos para sa inyo. Wala din akong ideya noon sa plano ng Diyos para sa akin. Tingnan natin… noong bata pa ako, nakatira ako at mga kaibigan ko sa Israel. Kami ang

bayang ng Diyos, ngunit maraming Israelita ang sumasamba sa maling diyos na hindi nakakarinig o nakakakita o nakagagawa ng anuman. Mula ako sa marangal na pamilya, at narinig namin ang lahat ng balita patungkol sa haring Nabucodonosor na sumasakop sa mga bansa sa aming silangan. Ang mga pinuno ng komunidad ay laging nagsasabi ng, "Hinding-hindi tayo masasakop." Nakikinig sila sa mga bulaang propeta na nagsasabing poprotektahan ka ng Diyos kahit anong gawin mo at pwede kang sumuway at gawin ang kahit anong gusto mo. Sinasab ni Jeremias at ng iba pa na masasakop kami ni Nabucodonosor at dadahil sa pagkabihag. Iniisip kong mamamatay kami o magiging alipin… kaya isipin nyo ang aking pagkagulat noong kunin nila ako at ilan sa aking mga kaibigan tungo sa Unibersidad ng Babilonia! Kailangan naming mag-aral ng 3-taong degree tapos ay paglingkuran ang hari. Napagpasyahan naming gawin ang aming makakaya sa kahit anong sitwasyon kami ilagay ng Diyos. Mahirap ito minsan, gaya noong pinalitan nila ang aming pangalang naglulugod sa Diyos tungo sa mga pangalang naglulugod sa mga maling diyos, kagaya ng aking bagong pangalan Belteshazzar. Hindi ko nga mabigkas ito noong una. At marami silang mga kakaibang relihiyon sa paaralan. Ngunit noong sinabi nilang kainin namin ang mga pagkaing hindi namin dapat kainin, napagpasyahan naming ito ay sumosobra na. Napagpasyahan naming unahin ang Diyos kahit saanman kami naroroon at sundin ang Diyos kahit kami lang agn gumagawa nito. Ang taong namamahala sa amin ang takot na ibahin ang aming pagkain. Hiniling ko sa kanyang subukan ito nang ilang araw, at gumana nga! Kasama namin ang Diyos at tinulungan Niya kami. Mas malusog kami kaysa sa ibang batang lalaki, at tinulungan kami ng Diyos na mapaghusayan ang paaralan. Noong makapagtapos, nagkaroon kami ng panayaw para sa trabaho kasama ng hari. Naalala ko noong bumisita ang aming pamilya sa hari ng Israel na may mga kaugalian at protocol, ngunit medyo iba ang mga protocol dito sa Babilonia. Gayon pa man, kinuha kami ng hari sa kanyang paglilingkod, at naglilingkod kami sa emperyo noon pa man.


Guro: Alam niyo ba na sa gitna ng lahat ng bagay na kayo ay magiging mataas na opisyal sa emperyo?

Daniel: Hindi, hindi talaga. Huwag ninyong asamin na maging isang dakila bagkus ay pagtuonan ng pansin ang paglalagay sa Diyos sa una at gawin ang inyong trabaho na may kahusayan at integridad. Mapapnsin kayo ng tao, at mapapansin din kayo ng Diyos.

Guro: Salamat nang marami sa pagpapaunlak, Daniel! Alam kong mayroon kang abalang iskedyul sa pagpapatakbo ng emeperyo. Magkita muli tayo bukas.

## GAWAIN 1


***Prioridad***




Bigyan ang bawat bata ng isang papel upang iguhit ang isang piramide tulad ng halimbawang larawan at isulat ang kanilang nangungunang 5 mga priyoridad sa buhay sa piramide. Bago isulat ang una, hikayatin silang ilagay ang Diyos bilang pinakaunang prioridad. Paalalahanan sila kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa Diyos (Siya ang ating Tagapagligtas, Gabay, Lakas, na Siya ay mabuti at nagmamahal sa atin kahit ano pa tayo, atbp.) At ang mga bata ay maaaring magpatuloy sa pagsusulat at pagbabahagi sa iba ng kanilang iba pang mga priyoridad.

## MAHARLIKANG HAPAG 1

***Sandwich Crown***



***Mga Sangkap:***

- Tinapay
- Papel
- Kutsilyo
- Palaman ayon sa iyong gusto (Ham, gulay, o jam)

*Mga panuto:*

1. Gumawa ng papel na molde ng korona.
2. Gumawa ng sandwich gamit ang dalawang tinapay at iyong palaman.
3. Ilagay ang koronang papel na molde sa sandwich at hiwain ang sandwich.

***Handa na! Pwede na natin ngayong tamasahin ang unang maharlikang hapag!***

## MGA LARONG HARDIN 1

***Bilang ang ilaw ng sanlibutan***



Hatiin ang klase sa dalawang pangkat. Itago ang nakasinding ilaw sa makapal na bagat na hindi nakatatagos ang liwanag (may pag-iingat sa mga maaaring masunog). Pagkatapos, patayin ang pangunahing ilaw sa silid at hayaang ang isang bata mula sa bawat pangkat na maghanap sa ilaw. Ulitin ang laro pasa bigyang pagkakataon ang ibang bata na makapaglaro. Ipaliwanag na sinabi ni Hesu-Kristo sa atin na tayo ang liwanag ng sanlibutan, na hindi natin dapat itago ang liwanag bagkus ay patuloy na sundin ang Diyos sa lahat ng pagkakataon. Kailangan nating maging matapang para sa Diyos!

***Sabi ng Kamelyo…***



Ang guro o isang bata ay maaaring magpalitan na maging “kamelyo.” Ang taong iyon ang mangungu na sa pagkilos, halimbawa, pag-ikot, paglundag gamit ang isang paa, o paghuni gaya ng kamelyo. Kapag sinabi niyang "Sabi ng Kamelyo ..." bago ang kilos, lahat ng iba pang bata ay dapat gawin ang kilos o matatanggal sila sa laro. Kung hindi naman siya nagsimula sa “Sabi ng kamelyo…” hindi dapat gawin ng ibang mga bata ang kilos, at sinumang gumawa ay matatanggal sa laro. Bigyang pagkakataon ang ilang mga bata na maging kamelyo. Gawing mabilis ang mga panuto para mas masaya.

# 2. ANG KATAPANGAN AY NAGTITIWALA SA DIYOS

Daniel 3: Pagsubok ng apoy

## MANUNUNGGAB NG ATENSYON / MGA PA

"Ang katapangan ay nagtitiwala sa Diyos"

1. "Katapangan" = gumawa ng kamao at makipag untugan ng kamao sa kapareha..
2. "Magtiwala sa" = muling makipag-untugan ng kamao sa itaas at pagkatapos ay sa ilalim
3. "Diyos" = Ituro ang dalawang kamay sa langit sa isang panig

## BERSIKULONG ISASAULO

Mga Awit 47:2 "Sapagka't ang Panginoong kataastaasan ay kakilakilabot; siya'y dakilang Hari sa buong lupa."

## DULA 2: KAMELYO SA DIGMAAN

Camelot: (pabalik-balik na nagmamartsa sa kabuuan ng entablado) Kubo! 2, 3, 4, Kubo! 2, 3, 4…
Camelia: Anong ginagawa mo?
Camelot: Nagmamartsa ako. Hindi ka pa ba nakakita ng martsa dati?
Camelia: Hindi katulad ng ginagawa mo.
Camelot: Buweno, sila ay nangangalap para sa isang bagong yunit ng kamelyo sa militar ngayong araw. Sa pakiwari, ang mga kabayo ng kaaway ay takot sa ating amoy.
Camelia: Hala, napakabaho mo kaya kinailangan nilang kunin ka!
Camelot: Alam ko, pero ayoko talagang pumunta sa digmaan. Ibig kong sabihin, gusto kong tulungan ang aking bansa, ngunit ayoko ring saktan ang sinuman. Hindi ko alam ang gagawin ko! Buweno...higit sa normal..
Camelia: Ano ang gagawin mo?
Camelot: Iniisip kong lumipad, pero takot ako sa matataas na lugar. O, pwede akong magtago para hindi nila ako makita. (Susubsob ng bahagya sa kurtina na entablado para ang kanyang ulo at mga tainga ay nakikita.)
Camelia: Um… Nakikita pa rin kita.
Camelot: Woah! Siguro ay may pang x-ray ka na paningin. Maari akong magpanggap bilang… isang paboreal! (Hahawak ng isang pamaypay sa likod ni Camelot)
Camelia: Isang malaki, mabuhok, pangit na paboreal.
Camelot: Hoy! Hindi magandang magsabi ng ganyan ng tungkol sa mga paboreal! Buweno, walang saysay ito. Hindi ako makaisip ng anumang paran para makaligtas rito.
Camelia: Maaari kang manalangin at hilingin sa Diyos na tulungan ka! Kahit na hindi tayo makaisip ng paraan, kaya Niya.
Camelot: Mahal na Diyos, pakiusap tulungan mo ako at iligtas mo ako! Anuman ang mangyari, nagtitiwala ako sa Iyo. O, oras na. Kailangan ko nang umalis. (Lalabas sa entablado)
Camelia: Oo, Diyos, pakiusap tulungan mo siya.
Taga-anunsyo: Ilang panahon ang lumipas…
Pumasok si Camelot sa eksena: Wow isa iyong nakakahibang na labanan!
Camelia: Nagpunta ka sa digmaan? Akala ko ililigtas ka ng Diyos mula doon.
Camelot: Oo, ako rin. Ngunit ang nangyari ay walang lumapit sa akin dahil sa sobrang baho ko, kaya wala akong nasaktan na kahit sino!
Camelia: (Tumawa ng marahan pero sinubukang pigilan) Pasensya na. Hindi iyon nakakatawa, pero napakainam na maganda ang naging resulta nito para sa iyo!
Camelot: Dahil walang malapit sa amin para labanan, naglibot na lang kami at nagligtas ng mga tao. Isang lalaki ang nahimatay. Yung isa pa ay natisod sa kanyang mga daliri sa paa ng malala kaya kinailangang tahiin.

Camelia: Woah, grabe iyon. Hindi ko maisip matisod ng ganun kalala ang aking mga paa. Ano iyang suot mo?
Camelot: Ginawaran nila ako ng medalya para sa pagliligtas sa mga tao. Sa ano't-ano man, masaya akong tapos na ang digmaan. Masarap ang pagkain, pero namiss ko ang butil sa bahay. At dahil nabanggit ang pagkain, gutom na ako.

## PANGUNAHING ARALIN 2

Maligayang pagbabalik dito sa VBS, kung saan natin natutuhang maging matapang para sa Diyos. Noong nakaraan natutunan natin sumunod sa Diyos anuman ang mangyari. Ngayon ay matututunan natin kung ano ang mangyayari kapag may mga kahihinatnan ang gayon mong paninindigan. Gumawa ng malaking gintong diyus-diyosan si Haring Nabucodonosor at nagsabi sa kanyang mga opisyal na kailangan nila itong yukuran at sambahin. Sinabi ng Diyos na Siya lamang ang sambahin at paglingkuran. Muli, ang ating mga kaibigang sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego (binago ng hari ang kanilang mga pangalan mula sa Ananias, Misael, at Azarias) ay nanindigan at tumangging suwayin ang Diyos. Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagtitiwala sa Diyos!"

Binigyan sila ng hari ng huling pagkakataon, nagbabantang itatapon sila sa napakainit na hurno kung hindi nila sasambahin ang diyus-diyosan. Kanilang sinabi, "Kaya kaming iligtas ng aming Diyos. Ngunit kahit hindi Niya gawin ito, hindi namin sasambahin ang mga diyus-diyosan." Ang ating Diyos ang pinakadakila, makapangyarihang nilalang sa sansinukob, at kailangan natin Siyang sundin. Nangako rin ang Diyos na gagantimpalaan Niya tayo sa langit magpasawalang-hanggan para sa lahat ng ginagawa natin para sa Kanya sa lupa. Ang Diyos lamang ang tanging kailangan nating katakutan, ngunit iniibig Niya tayo at sapat na makapangyarihan para mailigtas tayo mula sa anuman, kahit kamatayan! Alam iyon nina Sadrach, Mesach, and Abed-nego at nagtiwala at ipinaubaya ang kanilang mga sarili sa Diyos upang iligtas sila sa anumang paraang nais Niya, sa lupa o sa langit man. Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagtitiwala sa Diyos!"

Galit na galit si Haring Nabucodonosor kaya ginawa niyang pitong ulit na mas mainit ang hurno at ipinatapon sina Sadrach, Misael, at Abed-nego sa hurno! Maaaring isipin natin na dapat ay iniligtas sila ng Diyos bago sila ipinatapon sa hurno. Minsan iniisip natin na dapat ayusin ng Diyos ang ating mahirap na situwasyon tulad ng sa mga mapang-api sa paaralan, hirap sa pag-aaral, magulang na nagkaroon ng kanser, o paglipat sa ibang lungsod. Minsan ginagawa Niya, at dapat natin iyong hilingin sa Kanya. Sa kuwentong ito, sila ay hindi Niya iniligtas na maitapon sa hurno, ngunit nagtiwala pa rin sila sa Kaniya. Tingnan natin kung ano ang nangyari! Ang lahat ay magsabi, “Ang katapangan ay nagtitiwala sa Diyos!”


Nabaghan si Nabucodonosor, nakita niya silang naglalakad sa apoy nang ligtas kasama ang ikaapat na lalaki na aniya ay kamukha ng “anak ng mga diyos.” Ang Diyos ay kasama nila sa loob ng nagliliyab na hurno! Kaya, gayundin, kahit na dumaraan kayo sa mahihirap na situwasyon, ang Diyos ay sasainyo sa gitna niyaon. Nangako ang Diyos na hindi Niya tayo iiwan o pababayaan. Sa katunayan, ang Diyos ay mas malapit at mas naririyan sa mga panahon ng kahirapan kaysa sa mga panahon ng kasaganaan, at maaari Niya iyong gamitin upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan sa ating buhay. Nakita niyo kung gaano tayo kamahal ng Diyos! Ang lahat ay magsabi, “Ang katapangan ay nagtitiwala sa Diyos!”

Umalis ng ligtas mula sa apoy sina Sadrach, Misael, at Abed-nego na walang kahit na amoy ng usok sa kanila. Sa tulong ng Diyos, makakaalis ka sa mahirap na situwasyon ng walang kapaitan, galit, takot, o hinanakit sa halip ay puno ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, at kapatawaran. Kinilala ni Haring Nabucodonosor na ang ating Diyos ang Mataas na Diyos. Balang araw ay babalik si Hesus, at ang buong mundo ay yuyukod sa harapan ni Hesu-Kristo at magpapahayag na Siya ay ang Hari ng buong sansinukob.

Ang ating kasalanan, lahat ng ginagawa nating mali ay naghihiwalay sa atin mula sa Diyos. Nagbayad ng halaga si Hesus para sa ating kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan sa krus at pagkabuhay muli. Sinumang magtitiwala kay Hesus ay ligtas na magpakailanman, ngunit ang sinumang hindi ay hindi. Magtitiwala ka ba kay Hesus ngayon at hihilingin na iligtas ka mula sa iyong mga kasalanan at maging Panginoon ng iyong buhay magpakilanman? Manalangin: “Panginoong Hesus, alam kong ikaw ang Hari ng buong sansinukob. Hesus, maaari mo ba akong patawarin sa aking kasalanan at maging Panginoon ng aking buhay? Nagtitiwala akong ililigtas mo ako magpakailanman.”

## LIKHANG-SINING SA LOOB NG EMPERYO

*Hurno*



***Mga Gamit***

*Papel na pundasyon ng hurno
*Hugis apoy na papel
*Pangkulay
*Kola


***Mga Panuto***

*Gupitin ang hurno at mga apoy. Kulayan ang gitnang bahagi ng hurno kasama ang apoy at ang mga tao (tandaan na ang mga tao ay hindi nasaktan)

*Kulayan ang mga hugis apoy ng kahel, dilaw, at pula upang magmukhang mainit na apoy

*Tiklupin ang mga gilid ng mga piraso ng apoy at ikola sa hurno para bubukas ito gaya ng isang pintuan.


## KLASE SA LOOB NG PALASYO 2










| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | B | E | D | N | E | G | O | A | M | S | K |
| D | P | S | M | H | E | S | U | S | A | N | M |
| I | A | O | D | A | K | D | L | H | G | A | N |
| Y | K | H | Y | U | A | T | K | M | P | S | A |
| O | H | S | I | H | S | U | R | S | A | A | G |
| S | U | M | U | W | A | Y | U | L | S | T | N |
| M | R | H | K | L | D | K | S | D | A | G | A |
| L | N | I | S | U | R | U | A | M | K | I | P |
| K | O | M | E | S | A | C | H | I | O | L | A |
| H | I | A | M | O | C | I | T | H | P | A | T |
| M | S | D | K | K | H | L | K | S | M | K | A |
| A | L | A | W | I | T | G | A | M | A | D | K |







## TAKDANG-ARALIN 2

Tandaan ang anumang sandali na naramdaman o naisip mo na kasama mo ang Diyos ngayong araw at sabihin mo ang tungkol dito sa iyong guro bukas.

## MGA TANONG AT SAGOT 2

1. **Ano ang kaparusahan sa hindi pagsamba sa gintong diyus-diyosan na ginawa ng hari?**
   Ang kaparusahan ay ang maitapon sa napakainit na hurno.
2. **Kung hindi iniligtas ng Diyos ang mga Kristiyano mula sa kaguluhan, ano ang pinapatunayan nun?**
   Ilang posibleng mga sagot: Pagsubok sa pananampalataya, upang ipakita ang Kanyang kapangyarihang maligtas, upang hayaan tayong maranasan Siya sa ating tabi na lumalakad sa mga problema kasama natin, upang naging patotoo ng pananampalataya natin sa iba.
3. **Anong mga uri ng mga kaguluhan ang magsasanhi sa Diyos na iwan tayo?**
   Heb 13:5 "Sa anumang paraan ay hindi Kita iiwanan, ni sa anumang paraan Kita ay pababayaan."
   Inihihiwalay tayo ng kasalanan mula sa Diyos, ngunit sa pamamagitan ni Hesus naipagkasundo tayong muli sa Kanya. Upang maranasan nating kasama Siya sa lahat ng panahon, anumang kaguluhan ang mapasukan natin, kailangan nating tanggapin si Hesus bilang ating Tagapagligtas.
4. **Sino ang nasa loob ng napakainit na hurno?**
   Sina Sadrach, Mesach, Abed-nego, at and Diyos = 4. Walang anumang leon.
5. **Paano ka maliligtas?**
   Maaari kang manalangin: "Panginoong Hesus, alam kong Ikaw ang hari ng buong sansinukob. Hesus, maaari mo ba akong patawarin sa aking mga kasalanan at naging Panginoon ng aking buhay? Nagtitiwala akong ililigtas mo ako magpakailanman."

## MGA DULA KASAMA SI DANIEL2

Guro: Maligayang pagbabalik, Daniel!


Daniel: Salamat. Masaya akong makasama kayong muli, at nasasabik akong ikuwento ang tungkol sa ating dakilang Diyos at isang hindi kapani-paniwalang kuwento kasama ang aking mga kaibigan na sina Sadrach, Misael, at Abed-nego. Naalala ko sa araw na iyon umuwi silang nanginginig sa kagalakan. Gumawa ng napakalaking rebulto si Haring Nabucodonosor at pinasamba niya rito ang mga opisyal ng gobyerno sa seremonya ng pagtatalaga. O, kung matatalastas lamang ng mga tao na ang rebulto ay hindi maaaring maging Diyos dahil hindi ito nakakakita o nakakapagsalita o nakakagawa ng anumang bagay. Ngunit ang mga tao sa buong kasaysayan ay laging sumasamba sa mga bagay na napakaliit. Tumanggi ang aking mga kaibigang samabahin ang rebulto. Umaasa silang hindi sila mahuhuli, ngunit may ilang tao ang nagsabi sa hari. Lagi kaming kakaiba mula sa mga tao sa aming paligid, at hindi nila kami gusto sa kadahilanang ito, at minsan ay sinusubukang pabagsakin kami. Huwag mag-alala kung hindi sumasang-ayon sa iyong mga ginagawa ang mga tao sa iyong paligid. Kailangan mong magpasiya kung kaninong opinyon ang dapat pahalagahan, lalo na bilang isang kabataan. Piliing mabuti kung sino ang sasamahan mo. Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa aking mga kaibigan na sina Sadrach, Mesach, at Abed-nego. Lagi naming hinihikayat ang isa't-isa na sumunod sa Diyos, at humanga talaga ako sa katapangan nila. Minsan kailangan nila ang aking panghihikayat at minsan kailangan ko naman ang kanila. Subukang humanap ng mga gayong kaibigan. Buweno, sila ay nahuli, at ang kaparusahan ay ang itapon sa napakainit na hurno! Nang sila ay tumanggi at ipinagkatiwala ang kanilang buhay sa Diyos kahit na anong mangyari, galit na galit ang hari kaya't mas pinainit niya ang hurno at pinatay nito ang mga lalaking nagtapon sa aking mga kaibigan sa hurno.

Ngunit buhay ang aking mga kaibigan! Ako ay namangha nang sinabi nila sa akin ang kuwento, dahil ganon pa rin ang hitsura nila. Walang usok o nasalab na buhok o damit o anuman. Namangha rin dito ang hari. Pinuri niya ang aming Diyos at kinilala na ang aming Diyos ay ang Mataas na Diyos na namumuno sa lahat ng mga bagay. Ang pinakapambihirang bagay ay yaong may ikaapat na lalaki sa apoy. Sinabi ng hari na kamukha Siya ng “anak ng mga diyos.” Hindi ako sigurado kung anghel ba iyon o kung sino iyon, ngunit walang alinlangan na kasama nila ang Diyos sa apoy. Halos humiling ako na sana naroon ako upang makita kung paano ito. Balang-araw, makikita ko ang Diyos sa langit. Gayon pa man, masaya ako na mayroon akong mga matapang na kaibigan na nagtitiwala sa Diyos. Ang hari at ang iba pa ay laging namamangha sa tuwing nakikita nila kung gaano nakatuon ang aking mga kaibigan sa Diyos. Pakiramdam nila ay mayroong kulang sa kanila. Sino ang nakakalam? Marahil ang ilan ay babaling sa aming Diyos dahil dito at titigil sumamba sa gayong maliliit na bagay.

Guro: Totoo ba na sila ay maayos pa rin kahit na hindi sila iniligtas ng Diyos sa loob ng hurno?
Daniel: Oo, ganun ang dedikasyon ng mga kaibigan ko sa Diyos. Alam namin na makakasama namin ang Diyos balang araw sa langit. Sobrang mamimiss ko sila, ngunit mag-aasam akong makasama rin sila. Ngunit, sa halip ay nagpasiya ang Diyos na iligtas sila sa ganitong paraan at nag-utos ang hari sa lahat ng nasa emperyo na huwag magsabi ng anumang masama laban sa aming Diyos. Dakila ang aming Diyos, at Siya ay pupurihin ng lahat ng tao.
Guro: Salamat sa pagpunta mong muli ngayong araw.

## GAWAIN2

### *Nagtitiwala ako*



Ang grupo ay bubuo ng isang bilog. Magsisimula ang isang tao sa pamamagitan ng pagsasabi, “Magtitiwala ako sa Diyos kapag nasilayan ko ang isang bagong araw.” Ang susunod ay magsasabi, “Magtitiwala ako sa Diyos kapag nasilayan ko ang isang bagong araw. at ngumiti ang aking ama.” Bawat tao ay uulitin ang listahan at magdadagdag ng isa pa. Ang gol ay ang maalala lahat ng sinabi ng mga tao bago ka.

Kung may oras pa, laruin muli na kabaligtaran ang sasabihin. "Nagtitiwala ako sa Diyos kahit na hindi ko masilayan ang isang bagong araw, o hindi ngumiti ang aking ama."

## MAHARLIKANG PIGING 2

### *Apoy na prutas*





***Mga sangkap:***

- Ubas
- Dilaw o kahel na prutas o gulay (Mangga, pinya at/o karot)
- Mga pretzel (o ilang malulutong na bagay na pwede gayahin ang kahoy)
- Kutsilyo
- Plato

***Mga panuto:***

1. Hiwain ang dilaw na prutas sa hugis ng apoy (patusok)
2. Ilagay ang prutas sa plato na may ubas sa gilid upang gayahin ang bato.
3. Idagdag ang pretzel o piniritong pagkain na pinili mo upang gayahin ang kahoy.

***Humanda! Magsasaya tayo sa apoy ng hindi napapaso!***

***Huwag nating kalimutan na ... gaya ng ang Diyos ay kasama nila sa loob ng hurno, ang Diyos ay kasama natin sa mga mahihirap na situwasyon!***





## PALARO SA HARDIN 2



### Sayaw kamelyo

Magpatugtog at pasayawin ang mga bata tulad ng mga kamelyo. Maaari kang magpakita ng isang video ng kamelyong sumasayaw para bigyan sila ng ideya. Kapag hininto mo ang tugtog, ang lahat ng mga bata ay hindi dapat gagalaw. Ang batang gagalaw ay hindi na kasali sa laro at dapat na umupo. Magpatugtog muli at ulitin hanggang sa may isa na lamang na panalo.

### Hilahang lubid...



Para sa larong ito kailangan mo ng napakakapal na lubid na hindi masasaktan ang mga kamay ng mga bata. Bumuo ng mga grupo ayon sa dami ng mga batang dumating (mga 4 o 6 na grupo) Ang dalawang grupo ay sabay na maglalaro, susubukang hilahin ang kanilang panig ng lubid para ang gitna nito ay lumampas sa gol na marka sa sahig. Gawin ang paligsahan hanggang sa magkaroon ng panalong grupo.

# 3. KATAPANGANG NAGSASABI NG KATOTOHANAN

Daniel 4: Panaginip na may masamang balita

## MANUNUGGAB NG ATENSYON /MGA PALAKPAK 3

"Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo"

1. Ilagay ang mga kamay sa bibig gaya ng megaphone
2. Iikot ang ulo habang sinasabi ang, "Eeeeeeh ooooh"
3. Igalaw ang mga kamay ng pa-hip hop habang sinasabi ang "Naririnig niyo ba kami?"

## BERSIKULONG ISASAULO 3

I Mga Taga-Corinto 13:6 "Hindi nagagalak sa kalikuan, kundi nakikigalak sa katotohanan."

## DULA3: SUMASAYAW NA KAMELYO

Camelia: Camelot!! Tulong, Camelooot!!

Agad na papasok sa eksena si Camelot: Ano!? Ano?? May gagamba ba? Lumabas na ba ang malaking halimaw sa dagat? Nasaan ang sunog? Duduraan ko! (Maghahandang dumura)

Camelia: Hindi, hindi. Isuot yung sapatos pangsayaw. (Itataas ang pambabaeng sapatos)

Camelot: Bakit ko susuotin ang sapatos mo?

Camelia: Hindi, hindi sa iyo. Sa akin! Oras na para gumanap ako.

Camelot: Gumanap? Hindi mo ba sinabi sa akin ang tungkol sa iyong mahiwagang nakaraan bilang isang akrobat o isang mang-aawit sa opera?

Camelia: Sumali ako sa paligsahan ng sayaw ng kamelyo, siyempre! Masayang-masaya ako. Ang mahirap lang ay ang pagturo ng paa ko sa ibabaw ng entablado.

Camelot: Tara dito, susubukan ko. (tatalo -talon ng kaunti, pagkatapos ay mabubuway ng bahagya at mahuhulog sa likod ng entablado) Aaah! *Lumagpak*

Camelia: Kita mo? Mahirap! Pero magagawa ko ito dahil magaling akong sumayaw. Ni hindi ko na kailangang mag-ensayo dahil napakatalentado ko. Nakarating ako sa antas ng kompetisyong ito ng ako lang.

Camelot: Hindi maganda ang pagyayabang mo.

Camelia: Pero totoo iyon!

Camelot: Ang totoo ay yaong ibinigay sa iyo ng Diyos ang iyong talento, at tinulungan kang mag-ensayo ng iyong may-ari at humusay sa lahat ng iba pang mga kompetisyon.

Camelia: Manood ka. Madali kong mapapanalunan ang kompetisyong ito..

Camelot: Magdadala ako ng mga tisyu. At ilang bendahe!

Galit na umalis si Camelia.

Taga-anunsyo: Matapos ang kompetisyon…

Natutulog at humihilik si Camelot .

Pumasok si Camelia na umiiyak ng malakas.

Camelot: Anong problema? (Binigyan si Camelia ng panyo)

Camelia: (Suminga sa tisyu. Umiiyak, humahagulgol ng malakas…) Hindi ako nanalo! Hindi patas ang mga hurado. Ako dapat ang nanalo! Natisod ng dalawang beses yung isang kamelyo! At perpekto ang aking pagsayaw! O sige, isang beses lang akong natisod… o siya, marahil ay 3 beses. 4. (Bumuntong-hininga) 7. Pero, ako pa rin dapat ang nanalo!

Camelot: Ah, 7 beses ka natisod at iniisip mo na ikaw pa rin dapat ang nanalo? Kung gayon, 100 beses akong matitisod at mananalo pa rin!

Camelia: Hoy! Ako--- o siya— Hindi, iba ito dahil-- Oooohhh. Tama ka. Patas ang mga hurado. Napakapangit ng ginawa ko at natalo! (Muling umiyak, humahagulgol ng malakas)
Camelot: Ang pag-iyak mo ng ganyan ay kayabangan at awa pa rin sa sarili, Camelia. Halika, isipin nating muli ang katotohanan.
Camelia: (Sumisinghot) Anong ibig mong sabihin?
Camelot: Sumabay ka sa akin. Ang katotohanan ay, ako ay pag-aari na ni Hesus. Ang aking mga kakayahan ay nagmula sa Diyos. Binigay Niya ang mga ito sa akin, at madali niya rin itong aalisin… ngunit walang makapagbabago ng aking halaga o kung gaano Niya ako kamahal. Hindi ako sisimangot tungkol sa nangyari ngunit matututo mula rito at hihingi ng tulong sa Diyos upang maging mas mainam sa susunod.
(Inulit ni Camelia ang sinabi ni Camelot)
Camelot: Bumuti ba ang pakiramdam mo?
Camelia: Oo, bahagya.
Camelot: Mabuti naman, dahil nasa kalagitnaan ako ng pag-idlip… Pero ngayon… Gutom na ako!

## PANGUNAHING ARALIN 3

Maligayang pagbabalik dito sa VBS! Alalahanin, ang katapangan ay inuuna ang Diyos at nagtitiwala sa Diyos. Ngayon ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!”

Nanaginip si Haring Nabucodonosor tungkol sa malaking puno na nililiiliman at nangangalaga sa buong lupa. Pagkatapos ay pinutol ang puno, at nagsabi ang mensahero na kakain siya ng damo at ang kanyang buhok at kuko ay hahaba. Pinatawag ng hari ang ating kaibigang si Daniel upang bigyang-kahulugan ito, sapagkat nalalaman ng lahat na ang Diyos ay na kay Daniel. Inihayag ng Diyos ang kahulugan ng panaginip kay Daniel, at ang kahulugan nito ay yaong ang hari ay masisiraan ng bait at mag-iisip na siya ay isang hayop. Isipin kung gaano nakakatakot ang tumayo sa harap ng pinakamakapangyarihang hari sa mundo at may taglay na masamang balita para sa kanya. Ano ang gagawin mo? Magsisinungaling ka ba gamit ang kanais-nais na pagpapakahulugan o magsasabi ng totoo? Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!"

Sinabi ni Daniel ang totoo hinggil sa masamang balita. Hindi lang iyon, magalang niya ring isinuhestiyon na magsisi ang hari. Dumating si Hesus na may biyaya at katotohanan din. Mahal Niya ng sobra ang mga tao na hinarap Niya ang ating kasalanan at hindi kailanman nagsabi na ayos lang ang anumang kasalanan. Pagkatapos ay binayaran lahat ito ng Panginoon sa pamamagitan ng pagkamatay sa krus, at hinhilingan Niya tayong manampalataya at magsisi at baguhin ang ating ginagawa. Sa gayunding paraan kailangan nating salitain ang totoo sa iba sa loob ng pag-ibig. Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!"

Makalipas ang isang taon, tumingin ang hari sa kanyang palasyo at nagsabi na itinayo niya ito gamit ang kanyang sariling kapangyarihan at para sa kanyang sarili. Napakadaling mahulog sa patibong ng kayabangan kapag nakakuha ng mataas na marka sa paaralan, mapuri ng mga tao, tumira sa malaking bahay, maging magaling sa palaro, o may natamong anuman. Sinasabi ng kayabangan na ikaw ang gumawa nito, ngunit ang totoo ay ibinigay ng Diyos ang iyong kakayahan. Sinasabi ng kayabangan na ikaw ay makapangyarihan, ngunit ang totoo ay pinamamahalaan ng Diyos ang buong buhay mo. Iniisip ng kayabangan na ang tagumpay ay para sa iyo, ngunit ang totoo ito ay para sa kaluwalhatian ng Diyos at kapakinabangan ng iba. Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!”

Agad-agad pagkatapos ng kanyang mayabang na salita, ang hari ay nabaliw! Nanirahan siya sa labas at kumain ng damo gaya ng baka at humaba ang kanyang buhok at kuko. Pagkatapos ng mahabang panahon, tumingala sa langit amg hari at sinabi ang katotohanan: na ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat ng panahon. Nakakatakot na amining wala tayong kontrol at na ang buhay ay hindi umiikot sa atin. Ang lahat ay magsabi,"Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!”

Matapos kilalanin ng hari ang kapangyarihan at soberanya ng Diyos, hindi lamang siya nakabalik sa kanyang pagkahari, lumaki rin ang kanyang emperyo, at lalo siyang naging mas makapangyarihan. Pagkatapos ang hari ay gumawa ng kamangha-manghang bagay. Ang pinakamakapangyarihang hari sa buong mundo ay sumulat sa lahat ng tao sa lupa at

ibinahagi ang isang totoong kuwento tungkol sa kanyang kawalan ng lakas at pinuri ang ating makapangyarihang Diyos! Kapag may ginawa ang Diyos sa iyong buhay, sabihin ito sa lahat kahit na ang katotohanan ay gagawing kang masama. Ang Diyos ay mapupuri at gagantimpalaan ka hinggil rito magpasawalang-hanggan, at maaari ring maging pakinabang sa iba ang iyong kuwento. Sa Mga Pahayag natutunan natin na mananalo tayo laban sa kaaway sa pamamagitan ng dugo ni Hesus at salita ng ating patotoo at sa pamamagitan ng hindi pagmamahal sa ating sariling buhay. Mananalo tayo sa pamamagitan ng pagsasabi ng totoo. Ang lahat ay magsabi, "Ang katapangan ay nagsasabi ng totoo!”

# ISTASYON NG PAG-IKOT

## LIKHANG-SINING SA IMPERYO 3

***Sumbrerong Babylonian***



***Mga materyales***

*Papel na may pattern
*Pangkulay
*Pandikit
*Kulot na laso, 50cm

**Mga Panuto**


*Gupitin ang pattern na sumbrero. Kulayan ito.
*Itupi sa may tuldok-tuldok na linya para bahagyang magtugma sila na tila ba 3 magkakahiwalay na piraso.
*Itali ang kulot na laso sa butas na nasa magkabilang para maitali ito sa ulo.
*Palamutian ng mga glitter.

## KLASE SA PALASYO 3










| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | T | O | T | O | H | A | N | A | N |
| T | M | P | A | N | A | G | I | N | I | P |
| D | A | M | O | E | R | G | A | S | T | N |
| I | G | A | H | E | S | U | S | A | N | A |
| L | S | G | D | A | N | I | D | B | I | A |
| E | A | S | K | J | O | N | A | I | A | M |
| I | Y | I | A | N | E | O | T | H | M | A |
| N | A | S | L | N | J | N | H | I | U | S |
| A | O | I | A | I | N | U | A | N | K | A |
| D | N | A | G | N | A | P | A | T | A | K |
| K | A | P | A | L | A | L | U | A | N | S |




1 2 3 4 5 6 7 8



## MGA TANONG AT SAGOT 3

1. **Bakit tinanong ni Haring Nabucodonosor kay Daniel kung ano ang ibig sabihin ng kanyang panaginip?**
   Alam ng lahat na ang Diyos ay na kay Daniel. Ipinakita ni Daniel na nananampalataya siya sa Diyos.
2. **Ano ang maaaring sinabi sa iba pang mga tagapayo sa hari na magiging masayang kahulugan para sa kanyang panaginip?**
   Mga posibleng halimbawa: Nagbibigay lilim ang isang puno, panangga sa mainit na araw at mga kaguluhan. Ang pagkain ng damo ay pagbabawas ng pagkain at pagiging malusog. Ang paghaba ng kuko sa kamay ay pwedeng nangangahulugang ng buhay na walang pasakit. Na ang masamang balita sa kanyang panaginip ay para sa ibang tao.
3. **Anong mayroon ka na galing talaga sa Diyos?**
   Tanggapin ang lahat ng sagot ng mga mag-aaral, magmungkasi na mga talento at personalidad, pamana.
4. **Sa huli, ano ang nabatid ng hari?**
   Na ang Diyos ay soberano sa lahat ng oras.
5. **Sa anong mga paraan na ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay katulad o iba sa iyong pamahalaan?**
   Awtoridad sa mga hukbo … May mga anghel ang Diyos, ang pamahalaan ay may mga sundalo. May mga utos ang Diyos na pwede nating sundin. Ang pamahalaan ay may mga batas na kailangan nating sundin. Kapag nahuli sa paggawa ng mali, pinarurusahan ng pamahalaan ang mga tao, gaya ng mga kulungan; Isinugo ng Diyos ang Kanyang anak, si Hesus, para pagbayaran ang mga kasamaan natin para hindi tayo maparusahan. Nagbabago minsan ang pamahalaan; hindi nagbabago ang Diyos. Ang hinaharap natin sa Diyos ay ang mamuhay kasama Niya sa Langit, walang magagawa ang pamahalaan para sa ating walang-hanggang hinaharap.

## TAKDANG ARALIN 3

Iwasan ang pagsabi ng salitang "ako" sa buong araw. Kapag natutuksong sabihin ang salitang, "ako," sabihin sa sariling "hindi ito tungkol sa akin," at sa halip ay magbigay pansin sa iba.

## DULA KASAMA NI DANIEL 3

Guro: Maligayang pagdating muli, Daniel!

Daniel: Salamat sa iyo. Masayang makabalik muli. Ngayon ay mayroon na naman akong pambihirang tunay na kwento. Abala ako sa pangangasiwa sa pamahalaan isang araw nang ipatawag ako ni haring Nabucodonosor. Nanaginip siya na isang panaginip na parang totoo na hindi niya malimutan. Tinulungan ako dati ng Diyos ipaliwanag ang kanyang panaginip. Noong hindi na naman mawari ng mga salamangkero at mga mambubulong kung ano ito, ipinatawag niya akong muli. Sinabi niya na nasa akin ang espirito ng mga diyos. Hindi niya naiintindihan masyado ang aking Diyos, pero batid niya na kasama ko ang Diyos. Sinalaysay niya sa aking ang kanyang panaginip tungkol sa malaking puno na sumasakop sa buong mundo, kung paano ito pinutol at ginapusan ng bakal at tanso, at ang salita ng mensahero mula sa langit na nagsasabing mabubuhay siya sa labas at kakain ng damo at magkakaroon ng isip ng isang hayop. Habang sinasalaysay niya ito sa akin, binigay ng Diyos ang interpretasyon sa akin at aking naintindihanna ito ay masamang balita para sa hari, na mawawalan siya ng bait, mababaliw siya na nag-iisip na siya ay isang hayop at mabubuhay sa labas sa isang panahon bago mapanumbalik sa kanyang pagkahari.

Guro: Nakakatakot iyon na magkaroon ng masamang balita para sa hari. Nagalit ba siya sa iyo?

Daniel: Oo, nakakatakot iyon. Nakuha ko ang kanyang tiwala sa mahabang panahon, pero mapanganib pa rin. Ngunit, alam ko na pinakamainam na sabihin sa kanya ang katotohanan para bigyan siya na pagkakataon na magsisi. Iminungkasi ko na talikuran niya ang kanyang kasamaan at maging mabuti sa mga nagigipit. Isang buong taon ang lumipas at nalimutan na ng lahat ang tungkol dito nang biglang nawalan ng bait ang hari. Wala ako noon doon para marinig kung paano ito nangyari, pero sumulat siya ng liham sa buong kaharian na nagpapaliwanag sa lahat ng nangyari. Nagmayabang siya sa kanyang pagtayo ng kaharian at na lahat ng kadakilaan ay kanya. Pagkaraan ng mahabang panahon, bumalik siyang malusog at may matinong kaisipan, at naging hari muli siya. At nagsulat siya sa buong kahiran na napgpapaliwanag ng lahat ng bagay na ito.

Guro: Sinabi niya sa kaharian kung paano siya nawalan ng katinuan? Wow, pwede siyang mawalang ng maraming respeto.


Daniel: Lubos siyang napahanga ng aking Diyos na hindi na siya nabahala tungkol doon. kapag nabatid mo ang kadakilaan ng Diyos, ang Kanyang opinyon na lamang ang mahalaga sa iyo. Sinabi niya ang katotohanan at walang itinago sa liham at pinuri niya ang Diyos na kaitaasan, kinikilala ang Diyos bilang ang pinakamataaas na awtoridad na nangangasiwa sa lahat ng kaharian sa lupa. Lubhang nahikayat kaming mga Hudyo sa buong kaharian na makita ang paggawa ng Diyos dito, kahit kami ay nasa pagkabihag. Minsan naisip namin na kailangan namin manindigan para sa Diyos o baka malimitahan Siyang gumawa sa loob namin, pero muli Siyang gumawa ng bagay na tulad nito at nanindigan para sa Kanyang sarili, at iniwan kami sa pagkahanga.

Guro: Maraming salamat, Daniel sa muling pagpunta sa amin ngayong araw. Pupunta dito si Ester bukas upang bisitahin tayo, pero makikita ka ulit namin sa susunod na mga araw, tama ba?

Daniel: Sana nandito ako bukas para mapakinggan ang kwento ni Ester, pero nananabik akong makita muli kayo pagkalipas ng dalawang araw.

## GAWAIN 3

***Ang bagay sa pagsasabi ng totoo***




Paupuin ang mga bata pabilog o kalahating bilog. May isang bagay na pagpapasahan paikot. Ang batang makatatanggap ng bagay ay dapat magsabi ng katotohanan tungkol sa kanilang sarili (halimbawa: ayokong kumain ng saging dahil sa lasa nya) kaialngan magsani ng katotohan ng batang iyon hanggang mapagpasyahan ng kanyang katabi na kunin ang ang bagay na iyon mula sa kanya. Panatilihing kumikilos ang bagay at huwag hayaang lumampas sa isang minuto ang bawat isa.

ROYAL BANQUET

## MAHARLIKANG HAPA

***Ang puno mula sa panaginip ng hari***



Mga Sangkap:

- Saging
- Berdeng prutas at / o gulay (ubas, hiniwang pipino o letsugas)

Extra:

- Ham
- Hiniwang kerot



Mga Panuto:

1. Ilagay ang saging sa plato para magmukhang katawang ng puno.
2. Idagdag ang mga berdeng prutas para magmukhang mga dahon ng malaking puno.

Extra:

1. Gumawa ng mga ham roll at ilagay sila na parang mga pakpak ng paruparo
2. Ilagay ang hiniwang kerot para maging katawan ng paruparo.

***Ngayon at kainin na ang puno mula sa panaginip ng hari!!***

GARDEN GAMES

## LARONG HARDIN 3

***Mainit na patatas***



Bumuo ng isang malaking bilog kasama ang lahat ng mga bata, o isa sa mga batang lalaki at isa sa mga batang babae. Bigyan sila ng 1 lobo, bola, o anumang bagay para sa bawat 15 bata para matapos ang laro nang mas mabilis. Kapag pinatugtog mo ang musika, mabilis na ipinapasa ng mga bata ang mga bagay na iyon sa kapareha sa kanilang kanan na hindi nila hahawakan nang matagal. Kapag tumigil ang musika, ang mga bata na may mga bagay na nasa kamay ay matatanggal na sa laro. Maglaro ng mabilis hanggang sa mayroon lamang isang magwagi.

### *Cookie face*



Pumili ng ilang mga bata upang maglaro sa eksena at bigyan ang bawat isa ng cookie. Ang laro ay magsisimula sa cookie na nasa tuktok ng ulo. Kapag nagsimula ang laro, inililipat ng manlalaro ang cookie sa kanyang bibig gamit lamang ang mga kalamnan sa kanyang mukha. Kung bumagsak ang cookie, matatalo ang manlalaro. Ang bawat manlalaro ay may 1 minuto bawat cookie. Ang sinumang makapagdala ng dalawang cookies sa kanyang bibig nang mas mababa sa dalawang minuto ay mananalo.

# 4. KATAPANGAN NA INUUNA ANG IBA KAYSA SA SARILI

Ester 3-9: Kaligtasan para sa kanyang bayan

## TAGAKUHA NG ATENSYON / PALAKPAK 4

“Katapangan inuuna ang iba kaysa sa sarili”

1. Kumuha ng partner, ipalakpak ang kanang palad nang magkasama, tapos ay ang likod ng kamay, tapos ay ang harap ulit
2. Gumawa ng kamao at pag-umpugin ang mga kamao sa ibabaw, sa ilalim, tapos ay sa ibabaw muli
3. Tumuro sa langit at igalaw ang balikat at siko pababa nang tatlong beses

## BERSIKULONG ISASAULO 4

I Juan 3:16 “Dito'y nakikilala natin ang pagibig, sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay dahil sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid.”

## DULA 4: PALIGSAHAN SA PAGANDAHAN NG KAMELYO

Camelia: Ooohhhh, kinakabahan talaga ako!
Camelot: Bakit ka kinakabaha, Camelia? Sigurado akong magiging ayos ka lang.
Camelia: Walang paraan na manalo ako sa paligsahan sa pagandahang ito! Ang paligsahan sa pagsayaw ay isang bagay, pero ito ay lubhang kaiba. Oh, kung wala lang akong sobrang laking ilong at sobrang laking mga paa! Lahat ng babae sa bahay ay pinagtatawanan ako dahil sa aking malaking ilong at paa kaysa sa iba, kahit sa mga lalaki! Anong gagawin ko, anong gagawin ko?
Camelot: Gumawa ng malaking bakas sa mundo? Manalo sa kick-boxing?
Camelia: Hey! Gusto ko talagang manalo kasi gusto ng aking amo na ilagak ang lahat ng mapapanalunan sa mga pagkakawanggawa. Ito ay mahalaga!
Camelot: Hindi mo ba alam na kung sino ka sa panloob ay mas mahalaga kung ano ka sa panlabas?
Camelia: Totoo? Pero paano ang aking ilong??
Camelot: Huwag mong isipi ang iyong ilong. Naririto ka upang maging pinakamahusay na kamelyo at maging mabuti sa iba para malaman nila na ang tungkol sa Diyos! Pagtuonan mo ang pagiging mabuti at maalalahanin.
Camelia: Pero paano ang aking itsura?
Camelot: Halika dito, lagyan nating ng kaunting make-up ang mukha mo. (magsaboy ng kaunting pulbos sa hangin, sapat lang para makita ng mga bata. Parehong Mauubo at mababahing sina Camelot at Camelia.) SIguro hindi iyan. Paano kaya kung magpa-Botox injection ka?
Camelia: Hindi pwede, pandadaya iyon at pwede akong madiskwalipika!
Camelot: Lika dito, lagyan natin na kaunting eyeliner ang iyong mga mata … (lalapit si Camelot kay Camelia na may eyeliner sa kanyang bibig …) Huwag kang gagalaw.
Camelia: Ack! Huwag, hindi na iyan kailangan. Salamat pa rin sa panghihikayat sa akin. Siguro ay pupumta na lang ako sa paligsahan sa pagandahan sa kung paano ako nilikha ng Diyos, at pagtutuonan ko na lang ang pagiging mabuti at maaalalahanin sa iba tulan ng iyong sinabi. Oh, ako na pala ang sasabak.
Lalabas ng entablado si Camelia.
Camelot: Nasaan kaya ang mga pagkain, dahil naaamoy ko naman ito kahit malayo! Heehee! Nagugutom na ako.
Tagapagsalaysay: At ang nanalo na may 19.7 puntos ay si …. Camelia! Nakilala sa kanyang natatanging ilong at paa, parehong mahalagang katangian para sa paligsahan sa pagandahan ng mga kamelyo.

## PANGUNAHING ARAL

Maligayang pagbabalik! Ngayon ay higit nating pag-aaralan ang tungkol sa katapangan. Ang emperyo ng Babilonya ay nasakop ng mga Medo at Persiano. May ilang panahong nagdaan, naghanda si Haring Assuero ng isang malaking pagtitipon upang ipakita ang kanyang kaharian. Sa malaking pagtitipon, sumuway si Reyna Vasthi. Ipinatalsik siya ng hari at naghanap ng ibang babae upang ipalit sa kanya. Isang batang dalagang Hudyo na nagngangalang Ester ay maganda at may tahimik at banayad ng espiritu na kaakit-akit sa lahat ng nakapaligid sa kanya, at ginawa siyang reyna ng hari. Naalala niyo ba ang ating mga kaibigan sa mga nakaraang aralin? BInigyan sila ng mataas na posisyon para sa kaluwalhatian ng Diyos at kapakinabangan ng iba. Hindi naiiba ang kwentong ito; Ang kagandahan ni Ester at ang kanyang posisyon bilas reyna ay para sa kapakinabangan ng iba. Ang lahat ay magsabi, “Ang katapangan ay inuuna ang iba bago ang sarili!”

Isang masamang tao na nagngangalang Haman ay nagnanais na patayin ang lahat ng mga Hudyo. Kinumbinsi niya ang hari na ipag-utos sa buong emperyo ang isang tiyak na araw kung saan ang lahat ay maaaring patayin ang mga Hudyo. Ang lahat ay nabalisa! Ang tiyuhin ni Ester na si Mardokeo, na nagpalaki sa kanya, ay nagsabi kay Ester tungkol dito at hiniling na mamagitan. Nakakatakot ito, dahil ang sinumang lumapit sa hari nang hindi pinatawag ay pinapatay! Pinaalalahanan siya ni Mardokeo na marahil ay naging reyna siya upang mailigtas niya ang kanyang bayan. Maaari kang maging matapang sa pamamagitan ng pagsasabi ng tungkol kay Hesus sa iba upang makapanatili sila ng walang hanggan sa langit, ipinagtatanggol ang isang taong tinutuya, hinihikayat ang isa’t-isa na sumunod kay Hesus sa halip na gumawa ng mali, nagsasabi ng totoo kapag nasasaktan, o gumagawa ng mabuti para sa isang taong nalulungkot kahit na ang mga tao ay magsalita ng masama tungkol sa iyo. Ang lahat ay magsabi ng, “Ang katapangan ay inuuna ang iba bago ang sarili!”

Hiniling ni Ester kay Mardokeo at sa mga Hudyo sa lungsod na ipagdasal siya. Kapag nakakita ka ng isang bagay na kailangan mong gawin na nakakatakot, manalangin sa Diyos para sa katapangan at para sa tulong! Pagkatapos ay ginawa ni Ester ang hindi kapani-paniwalang matapang na bagay at tumayo sa harap ng hari. Laking ginhawa niya, pinigilan ng hari ang kanyang setro upang mailigtas ang kanyang buhay at tinanong siya kung ano ang nais niya. Inanyayahan niya siya sa isang piging, pagkatapos sa piging, ay inanyayahan niya siya sa pangalawang piging. Marahil ay natakot siya sa sandaling iyon na sabihin sa kanya ang tungkol kay Haman, o marahil ay pinlano niya na iyon. Hindi natin alam. Ngunit ang katapangan ay hindi kailangang maging perpekto. Paano kung ikaw ay lubhang takot na ikaw ay sumusuka? AYOS lamang ito! Pumunta sa banyo at sumuka, pagktapos ay bumalik at gumawa pa rin ng mabuti para sa iba. Mas natatakot ka, mas magiging matapang ka kapag gagawa ka ng kabutihan. Ang lahat ay magasabi ng, “Ang katapangan ay inuuna ang iba bago ang sarili!”

Pinakinggan ng hari si Ester at binitay si Haman sa bitayang ginawa ni Haman para kay Mardokeo. Binigyan din ng pahintulot ng hari ang mga Hudyo na ipagtanggol ang kanilang sarili. Sa halip na kasamaan na nasa isip ni Haman, ang mga Hudyo ay nagkaroon ng kapakinabangan sa buong emperyo. Pagkatapos ay ginawang kinatawan ng puno ng hari si Mardokeo ng buong emperyo, kung saan siya ay nagtatrabaho para sa ikabubuti ng lahat ng mga Hudyo. Maaaring hindi iyon ang eksaktong mangyayari kapag gumawa ka ng isang matapang na bagay. Maaaring hindi tulad ng iyong inaasahan ang mangyari. Ngunit kung matapang mong ujnahin ang iba bago ang iyong sarili at manindigan para sa Diyos sa loob ng pag-ibig, ang matuwid na si Haring Hesus ng buong sansinukob ay maitatanghal sa iyong buhay. Makikita siya ng lahat na gumagawa sa iyo, at balang araw ay poupurihin nilang lahat ang Diyos dahil sa iyong mga mabuting gawa, at makakatanggap ka ng papuri mula sa makapangyarihang Diyos. Ang lahat ay magasabi ng, “Ang katapangan ay inuuna ang iba bago ang sarili!”

## LIKHANG-SINING SA LOOB NG EMPERYO 4

***Frame ng Larawan***





***Mga Kagamitan***


* I-frame ang disenyo mula sa ma-foam o may kulay na papel
*3 koronang papel
*Mga sulat "Ako ay matapang"
*½ straw para sa pag-inom
*Makulot na laso
*Pandikit

***Mga Panuto***


* Gupitin ang pattern ng frame at alisin ang labis na mga piraso.
*Tiklupin ito sa kalahati at idikit ang tatlo mula sa apat na gilid. Hayaang bukas ang ika-apat na gilid upang pasukan ng larawan at hayaang bukas ang mga paha sa itaas upang ipasok ang straw.
*Maaaring magpa-imprenta ng mga larawan o ipaguhit sa mga bata ang larawan ni Ester na ipapasok sa frame.
*Palamutian ang korona at ang mga liham na "Ako ay matapang."
*Upang tapusin ito, ipasok ang straw sa mga paha sa itaas at talian ng makulot na laso sa magkabilang gilid ng straw upang maisabit ang frame ng larawan

## KLASE SA LOOB NG PALASYO 4






| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | K | A | T | S | M | N | A | T | P | I | T |
| H | A | R | I | N | G | A | S | S | U | R | O |
| T | P | M | P | T | A | Y | U | A | N | L | E |
| S | A | E | A | V | H | A | M | B | A | L | H |
| A | N | D | H | N | U | T | U | I | T | I | C |
| V | G | I | S | A | D | I | W | H | A | G | O |
| I | A | A | P | T | Y | B | A | I | K | T | D |
| A | N | Y | E | R | O | S | Y | N | O | A | R |
| T | I | Y | U | H | I | N | A | E | T | S | A |
| I | P | A | G | T | A | N | G | G | O | L | M |
| E | S | T | H | E | R | P | E | R | S | I | A |



73







## MGA TANONG AT SAGOT 4

**1. Ano ang mga pangalan ng mga tao sa kwentong Bibliya ngayon?**
Haring Assuero, Reyna Vasthi, Ester, Haman, Mardokeo

**2. Ano ang ikinatatakot mo?**
Mga posibleng sagot: kadiliman, mga gagamba, mga ahas, mga aso, mga armas, mga taong hindi kilala, malakas na ingay, pagkawala ng katanyagan, mga mapang-api, paglipat ng mga bahay o paaralan.

**3. Anong katapangan ang ginawa ni Ester?**
Nag-aplay siyang maging reyna, inilagay niya sa panganib ang kanyang buhay sa pamamagitan ng pagtungo niya upang makita ang hari ng walang paanyaya, inanyayahan niya siya sa isang handaan, sinabi niya sa kanya ang plano ni Haman na patayin ang lahat ng mga Hudyo.

**4. Anong mga matapang na bagay ang maaari mong gawin?**
Magsabi sa iba ng iyong pananampalataya sa Diyos, lumaban sa mga mapang-api sa paaralan, maging tapat sa iyong mga magulang.

**5. Bakit hindi na lamang binago ni Haring Assuero ang utos na sinabi sa kanya ni Haman: isang tiyak na araw para patayin ang lahat ng mga Hudyo sa buong bansa?**
Ang emperyo ng Babilonya ay nasakop ng mga Medo at Persiano at ang kanilang mga batas ay hindi nababago.

## TAKDANG-ARALIN 4

Isagawa ang katapangan at sabihin sa isang tao na ikaw ay isang Kristiyano.

## MGA DULA KASAMA SI DANIEL 4

Guro: Ngayong araw ay may darating upang bisitahin tayo. Sa lahat, malugod na tanggapin si Reyna Ester!

Ester: Kumusta ang lahat. Masaya akong maparito kasama ninyong lahat.

Guro: Pinag-aaralan namin ngayon ang tungkol sa iyong kwento. Maaari mo bang sabihin sa amin kung paano ka naging reyna?

Ester: Nakatira ako sa aking tiyuhing si Mardocheo na nagpalaki sa akin nang tanggalin ni Haring Assuero si Vasthi bilang reyna dahil sa pagsuway nito sa harap ng mga maharlika. Tinawag ang lahat ng mga babae para sa tila isang paligsahan ng kagandanhan upang makita kung sino ang magiging reyna. Natakot akong iwan si Mardocheo, ngunit hinikayat niya ako. Gumugol kami ng isang buong taon sa paghahanda at pagtalakay ng kagandahan. Ang ilang mga babae ay salbahe, ang ilan ay malambing, at karamihan ay naisip ko na mas maganda sa akin. Ngunit nakasumpong ako ng pabor sa

lalaking namumono sa amin at sinunod ang kanyang mga suhestiyon nang ako naman ang haharap sa hari. Hindi ko alam kung bakit niya ako pinili ngunit biglang ako na ang reyna ng emperyo.

Guro: Wow, anong natupad na pangarap! Ano ang buhay bilang reyna?

Ester: Pinaglilingkuran ko ang hari at madalas na pumupunta sa mga handaan at pagdiriwang at maging punog-abala ng mga asawa ng mga opisyal na bumubisita sa buong emperyo.

Guro: Anong nangyari kay Haman?

Ester: Nakumbinsi niya ang hari na maglabas ng utos na nagbibigay pahintulot sa lahat na patayin ang mga Hudyo sa isang tiyak na araw. Natakot ako para sa aking bayan, ngunit walang sinuman sa palasyo ang nakakaalam tungkol dito dahil hindi ko sinabi sa kanila na ako ay isang Hudyo. Pagkatapos ay naging mas malala ito. Pinlano ni Haman na pataying ang aking tiyuhing si Mardocheo at bitayin siya sa napakataas na bitayan sa kanyang bahay. Ngunit noong gabing pumunta siya upang humingi ng pahintulot sa hari, ang hari ay nakikinig sa mga tala at naalala kung paanong iniligtas ng aking tiyuhin ang kanyang buhay ilang panahon lamang na nagdaan. Sa halip na papatayin ni Haman si Mardocheo, inatasan ng hari si Haman na akayin si Mardocheo sa palibot ng lunsod na nakasakay sa kabayo at nakasuot ng maharlikang kasuotan na ipinapahayag ang paggalang ng hari sa kanya.

Guro: Iniligtas ba niyaon ang iyong bayan mula sa atas?

Ester: Hindi, dahil ang mga atas ng Medo at Persiano ay hindi nababago. Nasa panganib pa rin kami ng nakakatakot na atas na iyon.

Guro: Ano ang ginawa mo?

Ester: Hinikayat akong muli ni Mardocheo at hiniling sa akin na magtungo sa hari para sa tulong. Nakakatakot ito. Kahit na ako ang reyna, wala akong pahintulot na bumisita sa hari ng hindi pinapatawag, at ang kabayaran ay kamatayan. Ngunit sinabi ni Mardokeo na maaaring ginawa akong reyna ng Diyos para dito at nakiusap sa king maging matapang. Ang mga Hudyo ay nanalangin at nag-ayuno para sa akin ng ilang araw. Pagkatapos ako ay nagbihis at tumungo sa hari. Sinubukan kong huwag ipahalata, ngunit ako ay nanginginig. Ngumiti ang hari at inilawit ang kanyang setro upang iligtas ako, at mahirap para sa aking manatiling nakatayo. Pagkatapos ay inanyayahan ko ang hari at si Aman sa isang piging, at pagkatapos ay sa isa pang piging. Sa wakas, pagkatapos ng isang mabilis na panalangin, sinabi ko sa hari ang tungkol sa atas at aking bayan. Si Aman ay kanyang kinatawan ng puno, at natakot ako na mas gugustuhin ng hari si Aman kesa sa akin at aking bayan. Ngunit nagalit ang hari at pinapatay si Aman sa bitayang ginawa niya para kay Mardocheo. Pagkatapos ay itinaas ng ranggo ng hari si Mardocheo upang palitan siya, at sumulat kami ng ikalawang atas sa ngalan ng hari na hayaan ang aming bayang ipagtanggol ang kanilang mga sarili sa halip na mapatay.


Guro: Salamat sa pagdating, Ester.

Ester: Salamat sa pag-anyaya sa kin.

## GAWAIN 4

***Inuuna ang iba***

Upang matulungan ang mga tao na pag-isipan kung paano unahin ang iba, gumawa ng isang papel na bola at hilingin sa pangkat na ihagis ang bola sa bawat tao. Kapag ang isang tao ay may bola, babanggitin nila ang isang paraan kung paano unahin ang iba. Halimbawa, maaari kong unahin ang aking kaklase sa pamamagitan ng pagpapapasok sa kanila sa silid-aralan bago ako.



## MAHARLIAKNG PIGING 4

*Ang dakilang puso ng Reyna*





***Mga Sangkap:***

- Hugis pusong cutter ng galyetas o cardstock at kutsilyo.
- Hiniwang prutas
- Mga stick (mga tuhugan)

***Panuto:***

1. Humiwa ng prutas na puso gamit ang cookie cutter. Kung walang hugis-pusong cookie cutter, gumawa ng puso na gawa sa karton o kard. Ilagay ang karton na puso sa ibabaw ng prutas at hiwain gamit ang kutsilyo.
2. Ilagay ang mga puso sa mga istik.

***Ngayon ay tamasahin ang mga magagandang pusong ito habang inaalala ang dakilang puso ni Reyna Ester para sa iba!***

## PALARO SA HARDIN 4

### *Bingo Lingo*



Sa tulong ng buong klase, gumawa ng listahan ng 50 o 60 mga susing salita ng aralin, sa sitwasyon ito ang kwento ni Ester. Ilagay ang listahan sa lugar na madaling makita. Isuulat ang bawat salita sa maliit na pilas ng papel, tilupin ito sa klahati, at ilagay sa lata o ilang lalagyan. Gagawa ang mga bata ng kanilang sariling kard ng Bingo, tinutupi ang isang pilas sa klahati ng dalawang beses sa bawat direksyon upang magmarka ng 16 na parihaba sa kanilang papel. Sa bawat parihaba ay susulat sila ng salita. Ang patani, bato, atbp. ay maaaring gamiting mga pananda. Maaari nilang gamitin ang mga kard ng ilang beses o makipagpalit sa kapareha.

Kukuha ang guro ng salita mula sa lata at sasabihin ang salita ng malakas. Kung taglay ng bata sa kanyang kard, tatakpan niya ito ng pananda. Ang unang taong makakapuno ng kanyang kard ay sisigaw ng “Bingo lingo!” At siyang panalo.

### *Karera ng kamelyo*

Bumuo ng magkasing-daming grupo na may 10-15 na mga bata sa bawat grupo. Pipila sila na may sapat na lugar para maglaro. Markahan ang gol sa kabilang panig ng silid. Upang laruin, ang unang manlalaro sa pila ay tatakbo at uungol tulad ng kamelyo papunta sa gol, iikot, at babalik sa kanyang grupo. Kapag tinapik niya ang kamay ng susunod na manlalaro, ang susunod na manlalaro ang papalit sa riley na karera. Ang unang grupo na ang lahat ng mga bata ay nakatapos ng riley ay ang panalong grupo. Laruin muli sa pamamagitan ng pagpapalit ng uri ng takbo: tumalon gamit ang isang paa, umikot sa katapusang linya, atbp.



# 5. NAGTITIYAGA ANG KATAPANGAN

## Daniel 6: Pang-araw-araw na debosyon at ang yungib ng leon

## MANUNUGGAB NG ATENSYON / MGA PALAKPAK 5

"Nagtitiyaga ang Katapangan"

1. Na may kapareha, ipalakpak ang parehong kamay
2. I-kros ang mga kamay at ipalakpak itong muli
3. Ulitin ang unang palakpak
4. Ipalakpak ang kanang kamay, pagkatapos ay ang kaliwa, pagkatapos ay ang kanan
5. Tapusin ng pagpalakpak ng parehong kamay.

## BERSIKULONG ISASAULO 5

Mga Hebreo 10:36 "Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Dios, ay magsitanggap kayo ng pangako."

## DULA 5: KARAWAN NG KAMELYO

Camelia: O, ang araw ng disyertong ito ay talagang sisirain ang maganda kong balat!
Camelot: Mabuti may suot kang amerikana.
Camelia: Alam ko, napakainit sanhi ng mga balahibong ito. Bakit nga ba tayo narito sa labas? Gusto ko ng umuwi sa Persia. Gaano ba tayo katagal maglalakad sa karawang ito?
Camelot: Buong araw. At alam mo ba kung ano ang gagawin natin bukas?
Camelia: Maglalakad?
Camelot: Tama! At sa susunod na araw, hulaan mo?
Camelia: Maglalakad tayo?
Camelot: Oo! Paano mo nalaman?
Camelia: Aaaaah! Tuwing umaga babangon tayo at kakain ng parehong pagkain pagkatapos ay mananalangin ng magkasama, pagkatapos ay maglalakad ng maglalakad, pagkatapos ay hihinto tayo para sa pananghalian at kakain ng parehong pagkain at mananalangin ulit, pagkatapos ay maglalakad ng maglalakad, pagkatapos sa gabi kakain ng parehong pagkain at mananalangin at matutulog. Pagod na akong gawin ang parehong bagay. Nagsisimula na akong managinip ng tungkol sa paglalakad! At alam mo ba? Nauuhaw ako! Halos hindi yun nangyayari! Pwede na ba akong tumigil ngayon?
Camelot: Ano, tumigil dito? Tingnan natin… doon sa bandang iyon ay walang tubig. At tingnan mo! Walang tubbig doon. Saglit lang ano ang naroroon? Walang tubig. Ito ay nakakatakot na lugar para hintuan.
Camelia: Ugh… o kahit wag na manalangin TUWING hihinto? Nakakbagot na. Bukod pa dun, karamihan ng ating karawan ay tumigil na manalangin at iniisip na kakatwa tayo dahil sa pagpapatuloy nating manalangin. Ano bang mahalaga dun?
Camelot: Hindi ito tungkol sa libangan. Kailangan natin ang Diyos sa lahat ng oras!
Camelia: Higit pa sa tubig?
Camelot: Oo! Higit din sa sunscreen. O mga mobile device.
Camelia: Kung ganun man, di magtatagal ay susuko na ako at bubuhatin mo ako doon.
Camelot: Hoy! Nauuhaw din ako. Magpatuloy lang tayo, paisa-isang hakbang lang.
Announcer: Makalipas ang ilang oras, nakarating na sila sa oasis.
Camelia: Phew! Akala ko ay mamamatay na ako!
Camelot: (Ngumunguya) Mamatay tayong lahat!!! (Ibinababa ang ilong sa entablado ng kaunti upang kumain)
Camelia: Hoy, naririnig niyo bang nag-uusap ang ibang mga kamelyo?
Camelot: Yung mga may lisensyang plaka mula sa ibang estado?

Camelia: Oo. Nauna sila sa ating dumating kahapon, at pinag-uusapan nila ang tungkol sa lahat ng uri ng ahas at mga bandido at bagyo ng buhangin…
Camelot: At bumabahing at natisod ang mga daliri sa paa at (sumingap!) walang wifi! (nagpatuloy kumain)
Camelia: Iniisip ko kung iningatan tayo ng Diyos ng buong panahon. Hoy, alam mo ba? Mas mainam ang pakiramdam ko dito sa oasis na may pagkain at tubig… at mas mabilis para sa aking kausapin ang Diyos. Parang katulad ito ng pagtitiyaga at paglalaan ng panahon kasama ang Diyos sa panahon na mahirap at mas mainam ngayon na madali na ang sitwasyon.
Camelot: Oo, ako rin. Hoy, kakainin mo ba yan? Gutom na ako.

## PANGUNAHING ARALIN 5

Maligayang pagbabalik sa VBS na ito! Natutunan naming ang maraming bagay tungkol sa katapangan ngayon lingo. Ngayon ay matutunan natin na nagtitiyaga ang katapangan. Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!" Ang pagtitiyaga ay nangangahulugang nagpapatuloy sa ginagawa mong mabuti. Hindi mahlaga kung ano ang ginawa mo kahapon. Kung ginalingan moa ng pagsunod kay Hesus, binabati kita! Ngunit huwag mong pagkatiwalaan ang kahapon; gumawa muli ng mabuti ngayon. Kung hindi mo ginalingan ang pagsunod kay Hesus, huwag mag-alala dahil nagbayad na Siya para sa iyong mga kasalanan. Ngunit huwag mong hayaang pigilan ka ng nagawa mong pagkakamali kahapon na gumawa ng mabuti ngayon! Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!"

Ang katapangan ay hindi lamang pag-una sa Diyos kundi nagtitiyaga at inuuna ang Diyos kada araw. Huwag lamang magtiwala sa Diyos ng minsanan bagkus araw-araw. Huwag lamang magsabi ng totoo ng minsanan bagkus palagi. At huwag lamang unahin ang iba ng minsanan bagkus araw-araw. Sinabi ni Hesus sa atin na ibigay natin an gating para sa Kanya araw-araw, na amgpasakop sa Kanya at gumawa ng mabubuting bagay kahit na ayaw natin. Si Daniel, na natutunan natin sa unang araw, ay nanalangin sa Diyos ng tatlong beses sa isang araw ng walang tigil. At kasabay nito, siya ay isang gayong mahusay na tagapangasiwa na ninais ni haring Dario na gawin siya tagapamuno ng buong kaharian. Sinanhi nitong mainggit ng sobra ang iba kaya nilinlang nila sa Dario na maglabas ng atas upang bitagin si Daniel sa pamamagitan ng pagbabawal ng panalangin. Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!"

Sa halip na matakot sa atas ng hari, si Daniel ay nagpatuloy sa pagpasok sa kanyang silid upang manalangin at pasalamatan ang Diyos ng tatlong beses kada araw gaya ng nakagawian. Kapag kinilala moa ng Diyos bilang makapangyarihan at mas higit kesa mga hari at batas, matatalastas mo na ang bawat mabuting bagay ay nagmumula sa Diyos at magpapasalamat sa Diyos sa mga panahon ng kahirapan. Isang araw, nananalangin si Daniel at humihingi ng tulong sa Diyos. Sa sandaling iyon, nahuli siya ng kanyang mga kaaway at isinuko siya dahil sa kanyang illegal na pananalangin. Humihingi siya ng tulong sa Diyos sa oras na dumating ang problema. Kahit si haring Dario ay masama ang loob at ginawa ang kanyang makakaya para iligtas si Daniel, ngunit walang anumang magagawa. Madalas sa ating buhay, tumitingin tayo sa paligid at hindi nakikita ang anumang paraan palabas sa ating mga suliranin. Naaalala niyo ba ang aralin noong ikalawang araw? Magtiwala lamang sa Diyos, dahil ang Diyos ay may walang hanggang karunugan at malikahin at makakasumpong ng paraan palabas habang hindi kaya ninuman. Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!"

Itinapon si Daniel sa yungib ng mga leon at nanatili doon magdamag. Nakakatakot! Nakakita ka na ba ng leon ng malapitan? Kahit na kaunting ungol ay niyayanig ang lupa. Ngunit niligtas ng Diyos si Daniel sa loob mismo ng yungib sa pamamagitan ng pagpapadala ng anghel upang isara ang mga bibig ng mga leon. Si Daniel ay nagpalipas ng gabi kasama ng mga leon na tila malalaking pinalamanang hayop. Kinaumagahan, dumating si haring Dario at nasumpungang ligtas si Daniel. Itinapon niya ang mga kaaway ni Daniel sa yungib, at pinatay sila ng mga leon bago pa man sila bumagsak sa lupa. Samantala, sinabihan ni haring Dario ang buong emperyo na igalang ang Diyos ni Daniel, at si Daniel ay inilagay sa mataas na posisyon sa kaharian. Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!"

Ang pagkaalam ng kung sino ang Diyos, na siya ay may ganap na awtoridad at makapangyarihan, ay nagbibigay sa atin ng katapangan na gawin ang mga mahihirap na bagay, tulad ng pagtitiwala at pagsunod sa Diyos at pagmamahal sa iba kahit na mahirap. Upang mas maunawaan kung sino ang Diyos, kailangan nating maglaan ng panahon kasama Niya

araw-araw, tulad ng ginawa ni Daniel. Basahin ang Bibliya, manalangin, kumanta ng mga awiting sa Kanya kahit na ikaw ay mag-isa. Habang ginagawa mo ito, malalaman mo kung gaano kalaki ang Diyos at mas magiging matapang ka para sa Kanya. Ang lahat ay magsabi, "Nagtitiyaga ang katapangan!"

# ISTASYON NG PAG-IKOT

## MGA LIKHANG-SINING SA LOOB NG EMPERYO 5

***Maskara ng leon***

***Mga kagamitan***




*Base ng maskarang papel
*Dilaw na foam o may kulay na papel para sa mukha
*Kahel na foam o may kulay na papel para sa mga tainga, kilay, at ilong
*Putting foam opapel para sa bibig
*Kulot na laso, 50cm
*Mga pangkulay
*Kola

***Mga panuto***

*Gupitin ang base ng mascara at kulayan ito.
*Ikola ang dilaw na foam/papel sa ibabaw gayang nakita sa larawan.
*Sa ibabaw niyaon, ikola ang bibig at ikola ang ilong sa ibabaw. Ikola din ang mga tainga at kilay gaya ng nakita sa larawan.
*Itali ang kulot na laso sa mga butas sa parehong dulo para maging akma sa ulo ng bata.

## KLASE SA LOOB NG PALASYO 5










| | | |
|---|---|---|
| 4 | 2 | 14 |
| 9 | 15 | 3 |
| 1 | 11 | 8 |
| 10 | 5 | 7 |
| 12 | 13 | 6 |






| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | N | A | G | T | I | T | I | W | A | L | A | M |
| M | A | G | T | I | Y | A | G | A | R | B | S | A |
| B | K | R | Y | U | N | G | I | B | A | I | U | N |
| N | A | I | I | N | G | G | I | T | W | B | M | A |
| Y | K | S | A | N | G | H | E | L | A | L | U | L |
| K | A | T | A | S | G | P | Y | K | R | I | S | A |
| B | T | Y | N | H | B | D | A | I | A | Y | U | N |
| L | A | G | E | L | I | K | A | L | W | A | N | G |
| G | K | Y | B | K | I | N | G | R | A | B | O | I |
| N | O | E | L | A | G | M | Y | D | I | G | D | N |
| K | T | M | G | A | B | I | B | I | G | O | I | S |
| D | A | N | I | E | L | Y | U | N | G | I | B | T |

## MGA TANONG AT SAGOT 5

1. **Ano ang ibig sabihin ng "magtiyaga"?**
   Nangangahulugan itong huwag sumuko kundi magpatuloy sa paggawa ng isang bagay kahit na ito ay mahirap. SI Daniel ay hindi sumukong manalangin.
2. **Kung labis na nagugutom ang mga leon, bakit hindi nila kinain si Daniel?**
   Nagpadala ang Diyos ng isang anghel upang isara ang kanilang mga bibig upang hindi sila makakain ng anuman.
3. **Ano ang maaaring nararamdaman ni haring Dario sa mga panahon ito: Nang malinlang siyang gawing ilegal ang manalangin sa Diyos sa halip na sa kanya? Nang kinailangan niyang ilagay si Daniel kasama ng mga gutom na leon? Nang hindi nasaktan si Daniel? Nang magpasya siyang ilagay ang opisyal sa yungib?**
   Mga posibleng sagot: palalo at espesyal para madalanginan, malungkot na ilagay si Daniel sa lugar kung saan maaari siyang mamatay, napalubay nang nakaligtas si Daniel, galit na galit sa mga opisyal sa paglinlang sa kanya para masaktan si Daniel.
4. **Anong mabuting bagay ang nahihirapan kang patuloy na gawin sa iyong buhay?**
   Mga posibleng sagot: Manalangin, magbasa nh Bibliya, umawit sa Diyos, paghuhuhas ng pinagkainan para sa nanay, pagihing mabait sa kapatid, pagiging mapagbigay sa iba sa isang argumento, pagbantay sa iyong puso at mga iniisip, pag-iwas sa mga gawaing ginagawa ng "lahat" na alam mong mali.
5. **Ano ang nangyari matapos kunin ng Hari si Daniel mula sa yungib?**
   Sinabi ng hari sa lahat ng tao na igalang ang Diyos ni Daniel. Si Daniel ay inilagay sa mataas na posisyon sa kaharian. Ang mga kaaway ni Daniel ay kinain ng mga leon.

## TAKDANG-ARAL

Tulad ng ginawa ni Daniel, manalangin ng tatlong beses ngayong araw.

## MGA DULA KAAAMA SI DANIEL 5

Guro: Maligayang pagbabalik, Daniel.

Daniel: Salamat. Masaya aking maparito muli. Kamusta ang pagbisita kay Reyna Ester?

Guro: Sobrang nagsaya kami sa pagbisita kay Ester. May narinig kami tungkol sa iyo kasama ng mga leon. Totoo ba iyon?

Daniel: Tama iyon. Nagpalipas ako ng gabi kasama ng mga leon ng isang beses. Hanggang sa ngayon, ang naikuwento ko pa lamang ay ang kwento nang si haring Nabucodonosor ang naghahari. Kalaunan, dumating ang mga taga-Media at Persia at sinakop ang Babilonya. Muli, ito ay pagpalit ng kapangyarihan at parang muling pagkabihag, muling mag-aaral ng bagong kultura at paraan ng pamumuno. Ngunit napansin ako ni haring Dario at inilagay ako at dalawang iba pang mamuno ng lahat ng iba't-ibang mga lalawigan. Makalipas ang ilang panahon, pinlano niyang gawin akong tagapamuno ng buong emperyo. Nainggit ang ibang mga opisyal at ninais na mawala ako. Naririnig ko silang nagbubulungan habang dumaraan ako at alam kong may pinaplano sila. Isang araw, naglabas ng atas si haring Dario na walang sinuman ang maaaring manalangin sa sinumang diyos o tao maliban kay Dario sa loob ng isang buwan na may kabayarang ipatapon sa yungib ng leon. Ang mga tao ay nagsisikap na sumamba o manalangin sa mga maliliit na bagay. Ngayon, ito ay buhay na tao. Parang kabalintunaan ito sa akin, ngunit sa bagong emperyo, ang mga atas ay hindi nababago ninuman. Bilang bahagi ng aking pang-araw-araw na gawain, naglaan ako ng panahon upang manalangin at magpasalamat sa Diyos araw-araw. Sa buong buhay ko ay tinulungan Niya ako, at patuloy kong kinakailangan ang Kanyang tulong upang magawa ko ng mainam ang aking trabaho. Nananalangin ako at humihingi ng tulong sa Kanya isang araw nang isang buong grupo ng mga opisyal ang pumasok sa aking silid at nahuli akong nananalangin sa Diyos. Dinala nila ako kay haring Dario. Mukhang nawasak ang kanyang puso nang sabihin nila sa kanya ang aking ginawa. Nagnais ako tulad ng iba na makaalis sa sitwasyon, upang makapagpatuloy na makapaglingkod sa bagong hari at makapaglingkod para sa ikabubuti ng mga tao sa buong emperyo.

Gumugol sa haring Dario ng isang buong araw upang makahanap ng paraan para iligtas ako. Wala akong alam na may ganoong pagtatangi siya sa akin. Ngunit kinagabihan, nang matiyak na walang anumang paraan, itinapon nila ako sa yungib. Hindi ko malilimutan ang lugar na iyon, ang amoy, ang init ng lahat na malalaking leon. Kahit na ang pinakamahinang ungol sa kanilang lalamunan ay niyayanig ang lupa. Ngunit hindi sila lumapit sa akin upang salakayin ako o kainin ako o kainin ang anuman ng buong gabi. Maaaring may anghel o anuman, tulad ng naranasan ng aking mga kaibigan sa hurno. Sa pagbubukang-liwayway narinig ko ang boses ni haring Dario na tumatawag, nagtataning kung ayos lang ba ako o kung niligtas ba ako ng aking Diyos. Sinabi ko sa kanya ang tungkol sa anghel at siniguro sa kanya na wala akong ginawang masama sa kanya. Ipinatapon niya ang yaong mga lalaki sa yungib, at kinain sila agad ng mga leon. Pagkatapos ay sumulat siya pag-aatas na katakutan at galangin ang aming Diyos. Nakita nyo, muling ipinaalam ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa bagong hari na hindi Siya nakikilala. Muli, nakita namin na ang Diyos ay kasama namin maging dito sa aming pagkabihag.


Guro: Nakakahikayat na marinig kung paano ka nagtiyaga sa panalangin.

Daniel: Madaling makalimot, ngunit ang katotohanan ay kailangan ko ang Diyos araw-araw. Tinutulungan Niya talaga ako sa lahat ng panahon at palagi akong nagpapasalamat dahil doo

## GAWAIN 5

***Binababagay ang aking oras***

Bigyan ng papel ang bawat bata. Hayaang mag-isip ang mga bata ng kanilang libreng oras sa isang linggo na maaafi nilang ilaan kasama ng Diyos, maaaring sa pamamagitan ng panalangin, pagbabasa ng Bibliya o pagpupuri sa Diyos. Ipasulay o ipaguhit sa papel kung anong linren oras mayroon sila at hikayatin silang maglaan ng ilang panahon kasama ng Diyos. Sa una ay maaaring 2 minuto lamang na kasama ang Diyos, pagkatapos ay maaari itong humaba.



## MAHARLIKANG PIGING 5

***Leon***



***Mga sangkap:***

- Dilaw na prutas ayon sa nais mo (Pinya, mangga, atbp.)
- Orange na prutas o gulay (Mga segment ng dalanghita o mahaba't makitid na piraso ng karot)
- Isang bahagi ng saging (Para sa mga tainga)
- Kutsilyo
- Mga blueberry o pasas

***Mga panuto:***

1. Gamit ang kutsilyo humiwa ng bilog sa dilaa na prutas para mukha ng leon.
2. Ilagay ang orange na prutas at/o gulay na pinili mo, ginagaya ang buhok ng leon.
3. Maglagay ng ilang hiwa ng saging ginagaya ang mga tainga
4. Ilagau ang mga blueberry at pasas bilang bahagi ng mga mata ng leon.
5. Para sa balbas ng leon, maglagay ng ilang mahaba't makitid na piraso ng karot.

***Handa na! Ngayon ay maaari tayong kumain ng masarap na leon inaalala na dapat tayong maging lubhang matapang tulad ni Daniel.***

## LARO SA HARDIN 5

### *Mga mukha at galaw*



Sa maliit na papel ay isulat ang mga pangalan ng mga tauhan at gamit sa mga kuwentong Bibliya sa VBS, tulad nina Daniel, Ester, Haring Nabucodonosor, apoy, leon, atbp. Ilagay ang mga piraso ng papel sa isang lalagyan. Bumuo ng dalawang grupo ng mga bata. Isang kinatawan mula sa bawat grupo ang papasok sa eksena upang umakto. Kumuha ng isang piraso ng papel upang malaman kung ano ang kanilang gagawin. Ng walang sinasabing salita o ginagawang tunog, ang dalawang bata ay aakto tulad ng bagay o tauhan na iyon, at ang ibang bata ay huhula kung ano o sino ito. Ulitin ang laro, binabago ang kalahok na aakto. Ang grupo na maraming mahuhulaan ang panalo.

## *Tore ng baso*



Bumuo ng mga grupo ng mga bata at magpadala ng kinatawan mula sa bawat grupo upang maglaro sa harapan. Bigyan ang bawat manlalaro ng parehong dami ng mga plastik na baso at piringan sila. Dapat makapagtayo ang mga manlalaro ng tore gamit ang mga baso habang nakapiring. Kapag bumagsak ang kanyang tore, ang manlalaro ay matatalo. Ang unang manlalarong makakatapos ng hindi natutumba ang tore ang mananalo.